Australian Government

# Pagkamamamamayang Australiano

## Ang Ating Panlahatang Pagkakaugnay











*Simula ngayon at sa hinaharap,*

*Ako ay nangangako ng aking katapatan sa Australia at sa kaniyang mamamayan,*

*sa mga demokratikong paniniwala nito na nakikibahagi ako,*

*sa kaniyang mga karapatan at kalayaan na iginagalang ko, at*

*at sa mga batas nito na itataguyod at susundin ko.*

# Pagkamamamamayang Australiano

## Ang Ating Panlahatang Pagkakaugnay

Ang lahat ng impormasyong kailangan ninyo upang kumuha ng pagsusulit sa pagkamamamayan ng Australia ay nasa librong ito. Hindi ninyo kailangang bumili o kumuha ng ibang mga pakete ng pagkamamamayan mula sa sinumang indibidwal o organisasyon upang pumasa sa pagsusulit sa pagkamamamayan. Hindi sinasang-ayunan o inirerekomenda ng kagawaran ang anumang pakete na nagsasabing tutulong ito sa inyo na pumasa sa pagsusulit sa pagkamamamayan.

© Commonwealth of Australia 2009

Ang lathalaing ito ay may kopirayt. Maaari lamang ninyong kopyahin, idispley, ipalimbag at kopyahing muli ang materyal na ito nang walang pagbabago (pinananatili ang paunawang ito) para sa inyong pansarili at hindi pangkomersiyong paggamit o panloob na gamit ng inyong organisasyon. Maliban sa anumang paggamit na pinahihintulutan sa ilalim ng *Batas ng Kopirayt 1968 (Copyright Act 1968)*, ang lahat ng ibang karapatan ay nakareserba.

Ang mga kahilingan para sa karagdagang pahintulot ay dapat na idirekta sa:
Commonwealth Copyright Administration
Copyright Law Branch
Attorney-General's Department
Robert Garran Offices
National Circuit
Barton ACT 2600

Fax: 02 6250 5989
Email: commonwealth.copyright@ag.gov.au

Inilathala ng Pambansang Sangay ng Komunikasyon ng Kagawaran ng Imigrasyon at Pagkamamamayan (National Communications Branch of the Department of Immigration and Citizenship)

6 Chan Street Belconnen ACT 2617

ISBN 978-1-92446-96-2

**Pagtatatuwa:**
Ang mga mambabasang Katutubo at mga taga Torres Strait Island ay binabalaan na ang lathalaing ito ay may mga litrato at/o nilalamang may kaugnayan sa mga yumaong tao.

# Mga Nilalaman

Isang mensahe para inyo 3

## Seksyon na iniiksamen

Unang Bahagi – Australia at ang kaniyang mga mamamayan 8

Ikalawang Bahagi – Mga paniniwalang demokratiko, karapatan at kalayaan ng Australia 16

Ikatlong Bahagi – Ang pamahalaan at batas ng Australia 22

Talahuluganan iniiksamen 30

Mga tanong sa pampraktis na iksamen 34

## Seksyon na hindi iniiksamen


Ika-apat na Bahagi – Ang Australia ngayon 38


Ikalimang Bahagi – Ang ating Kwentong Australiano 54

Talahuluganan ng seksyong hindi iniiksamen 72

Para sa karagdagang impormasyon 74

Mga pagkilala 76





*Ang pagkamamamamayang Australiano ay isang pribilehiyo na naghahandog ng napakaraming gantimpala.*

*Sa pagiging mamamayan ng Australia, kayo ay sumasapi sa isang bukod-tanging  pambansang komunidad.*

# Isang mensahe para sa inyo

Maligayang bati sa inyong pagpili na maging isang mamamayang Australiano. Kinailangan ng tapang, pagsisikap at pagtatalaga sa sarili na manirahan sa isang bagong bansa at lubusang lumahok bilang isang mamamayan. Pinahahalagahan namin ang inyong kontribusyon sa ating mapayapa at demokratikong lipunan.

Ang pagkamamamayang Australiano ay isang mahalagang yugto sa inyong kwento ng migrasyon. Ang pagiging mamamayang Australiano ay nangangahulugan na kayo ay gumagawa ng isang patuloy na kapasiyahan sa sarili para sa Australia at sa lahat ng pinaninindigan ng bansang ito. Simula rin ito ng inyong pagiging pormal na miyembro ng komunidad ng Australia. Ito ay isang hakbang kung saan magbibigay kapangyarihan sa inyo na sabihing 'Ako ay Australiano'.

Ang pagkamamamayang Australiano ay isang pribilehiyo na naghahandog ng napakaraming gantimpala. Sa pagiging mamamayang Australiano, kayo ay sumasapi sa isang bukod-tanging pambansang komunidad. Ang ating bansa ay itinatag sa pinagsama-samang mga kontribusyon ng mga katutubo at yaong mga dumating nang lumaon mula sa ibat-ibang bahagi ng mundo. Pinagdiriwang natin itong pagkakaiba-iba at kaalinsabay nito, nagsusumikap na makamtan ang pagiging isang nagkakaisa at nagkakasundong nasyon.

Ang lakas ng ating komunidad Australiano ay nangangahulugan na pinagtutulungan nating nilulutas ang mga problema at gawing dakilang bansa ang Australia na ganito ngayon. Mayroon tayong isang matatag na sistema ng pamahalaan at iginagalang ng mga Australiano ang awtoridad at mga batas ng pamahalaan. Ang ating katatagan, kultura at batas ay inihugis ng ating kasaysayan. Sa pagsapi sa komunidad ng Australia, kayo ay magmamana ng kasaysayang ito at kayo ay nasa katayuan na makapag-aambag dito.

Ang Australia ay isang napakatandang lupain. Malawak ito at katangi-tangi. Ito ay isang bansa ng mga kagubatan at kakahuyan; ng mga malagintong tabing-dagat at mga tuyong disyerto. Ang ating mga katutubong kultura ay kabilang sa mga napakatanda at patuloy na umiiral na kultura sa mundo. Tayo ay isa ring batang nasyon, isang nasyon ng mga migrante. Ang paninirahan ng mga taga-Europa sa Australia ay nagsimula noong 1788 at patuloy pa rin tayo ngayon sa pagtanggap ng mga bagong migrante.
Ang mga tao mula sa mahigit na 200 bansa ay itinuring ang Australia bilang kanilang tahanan. Bunga nito, ang ating lipunan ay isa sa mga pinakakaiba sa mundo. Matagumpay na pinagbuklod ng Australia ang pagkakaiba ng kultura at lahi sa pambansang pagkakaisa. Ang pagkamamamayan ang ugnay na pinagkakaisa tayong lahat.

Ang Australia ay isang demokrasya. Ang pagiging mamamayan ay nagbibigay sa inyo ng pagkakataon upang lubusang makilahok sa pagbubuo ng ating demokratikong nasyon. Nangangahulugan ito na kayo ay handang isakatuparan ang inyong mga responsibilidad bilang isang pormal na miyembro ng komunidad ng Australia. Ang mga Australiano ay naniniwala sa karangalan at kalayaan ng bawat isang tao, sa pakakapantay-pantay ng mga lalaki at babae at sa pangingibabaw ng batas. Ang pagkamamamayang Australiano ay tungkol sa pamumuhay ng mga ganitong mga pagpapahalaga sa pang-araw-araw na buhay.

## Ang Pangako ng Pagkamamamayang Australiano

Mahalaga para sa lahat ng mga mamamayang Australiano na maunawaan ang ating mga karapatan at responsibilidad at ang kahulugan na pagiging mamamayan, maging tayo man ay ipinanganak na Australiano o piniling maging Australiano. Isa itong mahalagang bahagi sa pagbubuo ng ating bansa.

Sa pagdalo ninyo ng seremonya ng inyong pagkamamamayang Australiano, gagawin ninyo ang Pangako sa Pagkamamamayang Australiano. Sa pagsasagawa nito, kayo ay gumagawa ng pangmadlang pahayag ng pagkapangako para sa Australia at pagtanggap ng mga responsibilidad at pribiliheyo ng pagiging mamamayan. Ang kabatiran sa kahulugan ng Pangakoay magbibigay sa inyo ng mas malawak na pang-unawa sa kahulugan ng pagiging Australiano at ng mga responsibilidad at pribiliheyo ng pagiging isang mamamayan.

Ito ang pangako na inyong gagawin:

***Simula ngayon at sa hinaharap, na may pananampalataya sa Diyos,****

***Ako ay nangangako ng aking katapatan sa Australia at sa kaniyang mamamayan,***

***sa mga demokratikong paniniwala nito na nakikibahagi ako,***

***sa kaniyang mga karapatan at kalayaan na iginagalang ko, at***

***at sa mga batas nito na itataguyod at susundin ko.***

* Maaaring pumili ang isang tao kung gusto o ayaw niyang gamitin ang mga salitang 'sa ilalim ng Diyos'.

Habang binabasa ninyo ang librong ito, magkakaroon kayo ng lubusang pang-unawa sa kahulugan ng Pangako at kung papaano ninyo mapagyayaman ang bahaging inyong gagampanan sa panlipunang Australiano.

# Pagiging mamamayan ng Australia

Ang kasaysayan ng imigrasyon sa Australia ay mahigit na 200 taon na. Sa ganitong bagay , tayo ay isa pa ring batang nasyon at kayo ay isang bahagi ng ating kwento. Ang mga desisyong gagawin ninyo bilang isang mamamayan ng Australia ay makatutulong sa paghuhugis ng ating hinaharap.

## Ang iksamen sa pagkamamamayang Australiano

Ang iksamen sa pagkamamamayang Australiano ay dinisenyo upang tasahin kung kayo ay may sapat na kaalaman tungkol sa Australia at sa mga responsibilidad at pribiliheyo ng pagkamamamayan.

Ang iksamen para sa pagkamamamayan ay dinisenyo din upang tasahin ang inyong pinagbabatayang kaalaman sa wikang Ingles. Ang Ingles ay ating pambansang wika. Ang pakikipagkomunikasyon sa Ingles ay tumutulong sa inyong masiglang pagganap ng inyong bahagi sa panlipunang Australiano. Tinutulungan kayo nito na makinabang nang husto sa edukasyon, paghahanapbuhay at iba pang mga pagkakataong ibinibigay sa inyo ng Australia.

Ang iksamen sa pagkamamamayan ay nakakompyuter na may mapagpipiliang sagot at nasa Ingles. Ang iksameng ito ay naglalaman ng 20 tanong na pasumalang pinili mula sa grupo ng mga katanungan. Para pumasa sa iksamen, dapat na masagot ninyo nang wasto ang 75 porsiyento o 15 sa kabuuang 20 katanungan.

Ang Kagawaran ng Imigrasyon at Pagkamamamayan ang nangangasiwa sa pagbibigay ng iksamen sa buong Australia.  Iniiskedyul din ang mga iksamen sa ilang mga lugar sa kabuuan ng Australia at sa ilang mga misyon sa ibayong dagat.

Sa pagpasa sa iksamen sa pagkamamamayan, naipakita ninyo na nauunawaan ninyo ang pangakong inyong ginagawa sa pagtanggap ng Pangako sa Pagkamamamayang Australiano.

## Paghahanda para sa iksamen sa pagkamamamayang Australiano

Upang makapaghanda sa iksamen ng pagkamamamayan, kakailanganin ninyong basahin ang librong ito na mapagkukunan ng impormasyon.

### Librong mapagkukunan ng impormasyon

Ang librong ito na mapagkukunan ng impormasyon ay may seksyong iniiksamen at hindi iniiksamen.

### Seksyong iniiksamen

Ang lahat ng impormasyong kailangang malaman ninyo para makapasa sa iksamen ng pagkamamamayan ay matatagpuan sa unang tatlong bahagi ng librong ito:

- Unang Bahagi – Australia at mga tao nito
- Ikalawang Bahagi – Mga demokratikong paniniwala, karapatan at kalayaan ng Australia
- Ikatlong Bahagi – Ang pamahalaan at batas ng Australia

Kailangan ninyong malaman at maunawaan ang impormasyon sa seksyong iniiksamen para masagot ang mga katanungan sa iksamen ng pagkamamamayan.

### Seksyong hindi iniiksamen

Ang seksyong hindi iniiksamen ay may mahalagang impormasyon na tutulong sa inyong pang-unawa sa kasaysayan at kultura ng Australia. Hindi kayo iiksamenin sa impormasyong ito.

- Ika-apat na Bahagi – Ang Australia ngayon
- Ikalimang Bahagi – Ang ating kwentong Australiano

### Mga tanong na mapagsasanayan

Sa hulihan ng seksyong iniiksamen ay mayroong 20 mga tanong na mapagsasanayan upang matulungan kayo sa paghahanda sa iksamen ng pagkamamamayan.

### Talahuluganan

Mayroong isang talahuluganan (listahan ng mga mahalagang salita at kanilang kahulugan) sa katapusan ng bawat seksyong maaaring iksamenin at hindi maaaring iksamenin.

### Mga librong mapagkukunan ng impormasyon na isinalin sa ibang wika

Ang librong ito na mapagkukunan ng impormasyon ay isinalin sa 37 wikang pangkomunidad para sa mga nais maging mamamayan na mas may kakayahang magbasa sa wikang hindi Ingles. Ang mga isinaling mga libro ay maaaring i-download mula sa website ng pagkamamamayang Australiano na www.citizenship.gov.au.

### DVD

Makakakuha rin ang audyo-biswal DVD sa Ingles para makatulong sa mga nais maging mamamayan sa kanilang paghahanda sa iksamen ng pagkamamamayan. Sa DVD ay makikita ninyo ang isang presentasyon ng mga mahahalagang puntos sa seksyong iniiksamen. Ginawa ang DVD na ito bilang katulong sa pag-aaral ng mga kliyente na may mababang kaalaman sa wikang Ingles. Ang DVD ay maaaring makuha o makopya mula sa website ng pagkamamamayang Australiano na: www.citizenship.gov.au.

## Tulong habang kumukuha ng iksamen sa pagkamamamayan

Inaasahan na halos lahat ng mga nagnanais maging mamamayan ng Australia ay may kakayahan sa pagbasa na kinakailangan upang makumpleto nang walang tulong ang iksamen sa pagkamamamayan. Para sa mga nangangailangan ng tulong dahil sa mababang kakayahan ng pagbabasa sa Ingles, ang isang opisyal ay maaaring makatulong sa pagbasa nang malakas sa mga katanungan at posibleng kasagutan. Bibigyan din ng tulong ang mga taong may mababang kakayahan sa paggamit ng kompyuter, o ang mga may kapansanan. Kung sa palagay ninyo na kailangan ng tulong habang kumukuha ng iksamen sa pagkamamamayan, mangyari lamang na abisuhan ang opisyal ng pagkamamamayan.

## Ang Ating Panlahatang Pagkakaugnay: Isang Kurso para sa Pagkamamamayang Australiano

Maaaring nararapat kayong dumalo sa isang kurso para sa pagkamamamayang Australiano sa halip na iksameng gamit ang kompyuter.

Ang kurso sa pagkamamamayan ay sumasaklaw sa lahat ng impormasyon ng seksyong iniiksamen sa librong ito. Kailangan pa rin ninyong magkaroon ng pinagbabatayang kaalaman sa Ingles at maunawaan ang mga konsepto ng Pangako ng Pagkamamamayang Australiano.

Ang karagdagang impormasyon tungkol sa kurso ay maaaring makuha sa website ng pagkamamamayang Australiano na www. citizenship.gov.au.

## Para sa karagdagang impormasyon

Maaari kayong tumawag sa Pang-impormasyong linya sa Pagkamamamayan (Citizenship Information Line) sa 131 880 (Lunes hanggang Biyernes 8:30 ng umaga hanggang 4:30 ng hapon).

Kung kailangan ninyo ang serbisyo ng taga-interprete, tumawag sa 131 450.

Maaari rin kayong bumisita sa website ng pagkamamamayang Australiano sa www.citizenship.gov.au.

## Ang seremonya ng pagkamamamayang Australiano

Ang mga seremonya ng pagkamamamayang Australiano ay maaaring maging maliit, kinapapalooban ng ilang mga tao, o maaaring maging napakalaki, kinapapalooban ng mga daan-daan o libo libong katao. Ang kaibuturan ng damdamin at karangalan ng mga bagong mamamayan at mga opisyal ang lalong nagpapasaya sa pagdiriwang.

Sa simula ng seremonya ng pagkamamamayan, ikaw ay maaaring salubungin ng isang kinatawan ng mga katutubong tao na silang mga tradisyonal na nagmamay-ari ng mga lupain sa inyong lugar. Maririnig ninyo ang mga salita ng pagtanggap at pagpapalakas ng loob galing sa mga lider ng lokal na komunidad o mga kinatawan ng pamahalaan.

Babasahin o uulitin ninyo nang malakas ang Pangako ng Pagkamamamayang Australiano na kasama ang ibang mga taong piniling maging mamamayan ng Australia. Ito ang pinakamahalagang bahagi ng seremonya. Hindi kayo magiging mamamayan ng Australia hangga`t hindi ninyo nagagawa ang pagpapangako para sa Australia. Maaari kayong magdala ng banal na kasulatan o Bibliya na inyong hahawakan habang sinasabi ang Pangako, subalit hindi ninyo kailangang gawin ito.

Ang mga lider ng inyong komunidad o kinatawan ng pamahalaan ay magbibigay ng maikling pagsasalita sa kahulugan ng pagiging mamamayan. Tatanggap kayo ng Sertipiko ng Pagkamamamayang Australiano at ganoon din ng isang maliit na regalo galing sa inyong komunidad. Pagkatapos ng seremonya ng pagkamamamayan, magkakaroon kayo ng pagkakataong makatagpo at makipagdiwang sa inyong mga kababayang Australiano.


Hinahangad namin ang bawat tagumpay sa inyong pagiging mamamayan ng Australia at sa inyong pagtatamo ng mapayapa at kapakipakinabang na pamumuhay sa Australia.




Mga bagong mamamayang Australiano  sa kanilang seremonya ng pagkamamamayan



# Simula ng seksyong iniiksamen





# Unang Bahagi
# Ang Australia at mga tao nito

*Simula ngayon at sa hinaharap, na may pananampalataya sa Diyos,**

***Ako ay nangangako ng aking katapatan sa Australia at sa kaniyang mamamayan,***

*sa mga demokratikong paniniwala nito na nakikibahagi ako,*

*sa kaniyang mga karapatan at kalayaan na iginagalang ko, at*

*at sa mga batas nito na itataguyod at susundin ko.*

** Maaaring pumili ang isang tao kung gusto o ayaw niyang gamitin ang mga salitang 'sa ilalim ng Diyos'.*

# Ang Australia at mga tao nito

Sa seremonya ng pagkamamamayan, ipinapangako ninyo ang inyong katapatan sa Australia at sa kaniyang mga mamamayan. Kaya mahalaga para sa inyo na magkaroon ng pang-unawa ng komunidad at populasyon ng Australia, kabilang ang katutubo nitong pamana. Mahalaga rin na inyong maunawaan kung papaano nabuo ang Australia sa walang katiyakang pagsisimula bilang isang kolonya ng Inglatera hanggang sa maging matatag at matagumpay na multikultural na nasyon sa ngayon.

Sa seksyong ito, mababasa ninyo ang ilan sa mga pangyayari na nakapag-ambag sa ating kuwento. Mayroong impormasyon tungkols sa mga estado at teritoryo, at may impormasyon sa mga tradisyon at simbolo na ipinagmamalaki natin na kinikilalang namumukod na Australiano.

## Ang ating mga mamamayan

### Mga katutubong Australiano

Ang mga unang tao sa Australia ay ang mga katutubo at mga taong mula sa Torres Strait Island. Sila ang mga taal na Australiano. Ang mga katutubong kultura ng Australia ay isa sa mga napakatandang umiiral na kultura sa mundo.

Batay sa kasaysayan, ang katutubong Australiano ay nagmula sa pangunahing lupain ng Australia at Tasmania. Sila ay nanirahan dito sa pagitan ng 40,000 at 60,000 taon.

Ang taga-Torres Strait Island ay mula sa mga isla sa hilagang Queensland. Mayroon silang namumukod na pagkakilanlang kultura.

Ang mga katutubong tao ay may pinagsasaluhang pangkaraniwang paniniwala at tradisyon na patuloy na umiiral sa ngayon. Mayroon silang malalim na kaugnayan sa lupa na ipinahihiwatig sa kanilang mga kwento, sining at sayaw.

### Mga unang araw ng paninirahan ng mga taga-Europa

Ang pagdayo ng mga taga-Europa ay nagsimula nang dumaong ang unang 11 barkong naglululan ng mga bilanggo, na nakilala sa pangalang "Unang Plota", mula sa Dakilang Britanya noong ika-26 ng Enero 1788.

Sa panahong ito ang mga batas ng Britanya ay malupit at ang mga bilangguan ay hindi kayang ikulong ang malakihang bilang ng mga taong ibinilanggo dahil sa krimen. Upang pamahalaan ang ganitong problema, ang gobyerno ng Britanya ay nagdesisyong ilipat ang mga bilanggo sa ibang panig ng mundo; sa bagong kolonya ng New South Wales.

Ang unang gobernador ng kolonya ng New South Wales ay si Kapitan Arthur Phillip. Nakaya niyang mapaglabanan ang maraming problema noong unang mga taon ng paninirahan ng mga taga-Europa. Nanatili ang kolonya at habang mas marami pang mga bilanggo at malayang maninirahan ang dumating, ito ay lumaki at umunlad. Mas marami pang kolonya ang itinayo sa ibang parte ng bansa.

Ang mga naunang malayang maninirahan ay galing sa Britanya at Ireland Ang pamanang kultura ng Britanya at Ireland ay may malaking impluwensiya sa kasaysayan ng Australia, ng kultura nito at mga institusyong pampulitika.

Noong 1851, nadiskubre ang ginto sa mga kolonya ng New South Wales at Victoria. Ang mga tao sa lahat ng paligid ng mundo ay dumating sa mga kolonyang ito upang makipagsapalaran. Ang mga taong tubong Tsina na dumating ng panahong ito ang pinakamalaking grupo ng mga migranteng hindi galing sa Europa. Sa loob ng 10 taon, humigit sa doble ang populasyon.

### Ang bansang Australia

Sa loob ng mga sumusunod na dekada, pinag-usapan ng mga magkakahiwalay na kolonya ang ideya na maging isang bansa.

Noong 1901, ang mga kolonya ay nagkaisa sa ilalim ng pederasyon ng mga estado na tinawag na Komonwelt ng Australia. Noong panahong iyon, ang populasyon ng Australia ay nabilang na halos apat na milyong katao. Sa bilang na ito ay hindi kasama ang mga katutubong Australiano.

Sa loob ng unang kalahati ng ikadalawampung siglo, ang antas ng imigrasyon ay tumaas at bumaba. Mayroong mga programa na aktibong hinimok ang mga migranteng taga Britanya na manirahan dito, at marami ang nagsagawa nito.

Isang daluyong ng imigrasyong hindi galing sa Britanya ang dumating pagkatapos ng Pangalawang Digmaang Pandaigdig, na mga milyong katao sa Europa ang lumisan sa kanilang lupang tinubuan. Malaking bilang din ang dumating sa Australia upang magtatag ng panibagong buhay.

Nitong mga makailang taon, ang ating mga programang pang-imigrasyon at pang-refugee ay nagdala ng mga tao sa Australia mula sa ibat ibang panig ng mundo. Dumating ang mga tao rito upang makapiling ang kanilang pamilya, magpanibagong buhay sa isang batang bansa, o takasan ang kahirapan, giyera o pag-uusig.

Ngayon, ang Australia ay may populasyong halos umabot sa 22 milyong katao. Higit sa ikaapat na bahagi nito ay ipinanganak sa ibang bansa. Lalong pinagyaman ang Australia ng mga kontribusyon nagawa ng mga taong ito sa ating nasyon. Habang pinagdiriwang natin ang pagkakaiba--iba ng mga tao sa Australia, ating ding layunin na maitatag ang isang magkaka-ugnay at nagkakaisang nasyon.

Ang pambansang wika ng Australia ay Ingles. Bahagi ito ng ating pambansang pagkakilanlan. Ang bawat isa sa Australia ay hinihimok na matuto at gumamit ng Ingles upang tulungan silang lumahok sa lipunang Australiano. Ang komunikasyon sa Ingles ay mahalaga rin sa ultimong pagkayod sa pamumuhay at paghahanapbuhay sa Australia. Pinahahalagahan din ang ibang mga wika. Sa pinagkakaiba-ibang lipunang Australiano, mahigit sa 200 wika ang ginagamit sa pakikipag-usap.

# Mga estado at teritoryo ng Australia


Ang Komonwelt ng Australia ay isang pederasyon ng mga estado at teritoryo. Mayroong anim na estado at dalawang teritoryo sa pangunahing lupain. Ang Canberra ang kabiserang-siyudad ng Australia. At ang bawat estado at teritoryo sa pangunahing lupain may kaniya-kaniyang kabisera.




| Estado | Kabiserang siyudad |
|---|---|
| New South Wales (NSW) | Sydney |
| Victoria (Vic.) | Melbourne |
| Queensland (Qld) | Brisbane |
| Western Australia (WA) | Perth |
| South Australia (SA) | Adelaide |
| Tasmania (Tas.) | Hobart |
| **Teritoryo** | **Kabiserang siyudad** |
| Australian Capital Territory (ACT) | Canberra |
| Northern Territory (NT) | Darwin |
| Ang Canberra ay ang kabiserang siyudad din ng Australia | |


## Mga estado

Ang New South Wales ay itinatag na unang kolonya ng Britanya, Sydney ang kabiserang siyudad ng New South Wales at ito ang pinakamalaking siyudad sa bansa. Ang Tulay sa Pantalan (Harbor Bridge) at Tahanan ng Opera (Opera House) ng Sydney ay mga pambansang simbolo.




New South Wales

Ang Victoria ang pinakamaliit sa mga estado sa pangunahing lupain. Marami sa mga magagandang gusali sa Victoria ay itinayo mula sa yaman na dulot ng pagmimina ng ginto noong 1850. Ang kabiserang siyudad ng Victoria ay Melbourne.




Victoria

Ang Queensland ang pangalawang pinakamalaking estado. Narito ang Torres Strait Islands sa hilaga, ang mga tropikong kagubatan, mga baybaying lugar na may kainamang klima, at ang madalas ay tuyot na malayo sa aplayang lupain. Ang tanyag sa mundong Great Barrier Reef na bumabaybay sa silangang baybayin nito. Ang kabiserang siyudad ng Queensland ay Brisbane.



Queensland

Ang Western Australia ang pinakamalaking estado. Ang silangang bahagi ng estado ay halos disyerto, samantalang ang katimugang-kanluran nito ay mayaman sa agrikultura at pananim sa paggawa ng alak. Ang estado ay lugar na may maraming mga proyektong pangminahan. Halos tatlong-kapat na bahagi ng populasyon ng estado ay naninirahan sa Perth, ang kabiserang siyudad.




Kanlurang Australia (Western Australia, WA)

Ang South Australia ay may iregular na baybayin at mga tanyag na lugar sa paggawa ng alak. Ang kabiserang siyudad nito ay Adelaide, na may maraming mga halimbawa ng magagandang arkitekturang pangkolonyal.



Katimugang Australia (South Australia, SA)


Ang Tasmania ang pinakamaliit na estado, nahiwalay sa pangunahing lupain ng Bass Strait. Halos ang buong isla ay may mga tanawin ng kasukalang wala pang sira. Ang kabiserang siyudad ng Tasmania ay Hobart.



Tasmania


## Mga teritoryo

Ang Australian Capital Territory ay nasa pagitan ng Sydney at Melbourne. Ito ang lugar ng pambansang kabiserang siyudad ng Canberra. Ang Canberra ay kinaroroonan ng mga mahalagang institusyong pambansa, tulad ng Parlamento ng Australia at ang Mataas na Hukuman ng Australia.



Kabiserang Teritoryo ng Australia (Australian Capital Territory,ACT)

Sa Kahilagaan ng Northern Territory ay matatagpuan ang tropiko at sa katimugan naman nito ang disyertong pulang lupa. Karamihan sa maliit na populasyon nito ay naninirahan sa kabiserang siyudad ng Darwin, at sa kahabaan ng pangunahing lansangang bayan sa pagitan ng Darwin at Alice Springs, na siyang pangunahing bayan malapit sa sentro ng Australia.



Hilagang Teritoryo (Northern Territory, NT)

# Mga tradisyon at simbolo

## Mga mahalagang araw para sa mga Australiano

### Araw ng Australia

Tuwing ika-26 ng Enero taun-taon, ating pinagdiriwang ang Araw ng Australia. Ang Araw ng Australia ay isang pista opisyal sa bawat estado at teritoryo sa Australia.

Sa Araw ng Australia, ang malalaki at maliliit na komunidad sa buong Australia ay ipinagdiriwang ang lahat ng dakila tungkol sa Australia at pagiging Australiano, Ito ang pinakamalaking taunang pampublikong pâgdiriwang sa Australia.

Ang Araw ng Australia ay araw na ikinararangal natin ang ating kasaysayan at ang lahat ng mga tao na ginawang dakila ang ating nasyon. Isang araw ito upang malugod na ipagdiwang ang kasalakuyan at mangako para sa maligaya at masaganang hinaharap ng magkakasama. Sa dahilang ito, isang araw ito na maraming mga seremonya ng pagkamamamayan ang idinaraos sa buong bansa.

Ang ika-26 ng Enero ay anibersaryo ng pagdating ng Unang Plota ng Britanya noong 1788 upang magtayo ng panirahan ng mga bilanggo para sa pamahalaan ng Britanya. Ang kumander ng Unang Plota ay si Kapitan Arthur Phillip.

Sa bisperas ng Araw ng Australia, ipinahahayag ng Pinunong Ministro ang mga Gantimpala sa Australiano ng Taon sa Canberra.



Maraming mga seremonya ng pagkamamamayan ang idinaraos sa Araw ng Australia taun-taon



Parada ng Araw ng Anzac

### Araw ng Anzac

Ang Araw ng Anzac ay ipinagdiriwang tuwing ika-25 ng Abril taun-taon. Ang Araw ng Anzac ay ipinangalan sa hukbo ng Australia at New Zealand na lumapag sa Gallipoli, Turkey sa panahon ng Unang Digmaang Pandaigdig noong ika-25 ng Abril 1915.

Ang Araw ng Anzac ay isang mataimtim na araw na ating inaalaala ang sakripisyo ng lahat ng Australianong lumaban at namatay sa digmaan. Pinararangalan din natin ang katapangan at pagtatalaga sa sarili ng lahat ng mga sundalong lalaki at babae sa ating hukbo.

Ang karagdagang imporamsyon tungkol sa Araw ng Australia at iba pang mahalagang araw na pambansa at mga pagdiriwang ay maaaring matagpuan sa *Ika-apat na Bahagi, Ang Australia Ngayon.*

# Mga bandila ng Australia

Ang Australia ay may tatlong opisyal na mga bandila: ang Pambansang Bandila ng Australia, ang Katutubong Bandila ng Australia at ang Bandila ng Torres Strait Islander.

Ang bawat estado at teritoryo ay may kaniyang sariling bandila. Ang mga ito ay matatagpuan sa pahina 11.

## Ang Pambansang Bandila ng Australia

Ang Pambansang Bandila ng Australia ay bughaw, puti at pula. Ito ay may tatlong mahahalagang mga bahagi:

- Ang bandila ng Britanya, na kilala na Union Jack. ay nasa ibabaw sa kaliwang sulok. Ang bandila ay kumakatawan sa ating kasaysayan ng paninirahan ng Britanya.
- Ang Bituin ng Komonwelt ay nasa ilalim ng Union Jack. Ang bituin na ito ay may pitong puntos, isang punto para sa bawat anim na estado at isa para sa mga teritoryo.
- Ang Krus sa Katimugan, na nasa kanan, ay isang grupo ng mga bituin na nakikita natin sa langit sa katimugan.



Ang Pambansang Bandila ng Australia ay bughaw, puti at pula

## Ang Katutubong Bandila ng Australia

Ang Katutubong Bandila ng Australia ay itim, pula at dilaw. Ito ay may tatlong mahahalagang bahagi, at ang pinakapangkaraniwang pagpapakahulugan sa mga kulay ay:

- Ang kalahating ibabaw ay itim at kumakatawan sa mga katutubong tao ng Australia.
- Ang kalahating ilalim ay pula at kumakatawan sa mundo at  kaugnayang ispiritwal nito sa lupa.
- Ang dilaw na bilog ay kumakatawan sa araw.




Ang Katutubong Bandila ng Australia ay itim, pula at dilaw

## Ang Bandila ng Torres Strait Islander

Ang Bandila ng Torres Strait Islander ay luntian, bughaw, itim at puti.

- Ang mga luntiang guhit ay kumakatawan sa lupa.
- Ang bughaw na entrepanyo sa gitna ay kumakatawan sa dagat.
- Ang itim na linya ay kumakatawan sa mga tao ng Torres Strait Islander.
- Ang puting korona ng mananayaw sa gitna ay isang simbolo para sa lahat ng mga taga Torres Strait Islander.
- Ang mga puntos ng puting bituin ay kumakatawan sa grupo ng mga isla sa Torres Strait.
- Ang kulay puti ay isang simbolo ng kapayapaan.



Ang Bandila ng Torres Strait Islander ay luntian, bughaw, itim at puti

## Ang Eskudo ng Komonwelt

Ang Eskudo ng Komonwelt ay ang opisyal na simbolo ng Komonwelt ng Australia. Ito ay kumakatawan sa ating pambansang pagkakaisa. Palatandaan ito ng awtoridad at propyedad ng Komonwelt ng Australia.

- Ang kalasag sa gitna ay kumakatawan sa anim na estado at pederasyon.
- Isang kangaroo at emu ang suporta ng kalasag sa bawat tabi. Ang kangaroo ay katutubong hayop ng Australia at ang emu ay katutubong ibon ng Australia.
- Ang gintong Bituin ng Komonwelt ay nakaupo sa ibabaw ng kalasag.
- Ang likuran ay ang ginintuang wattle ang pambansang bulaklak ng Australia.



Ang Eskudo ng Komonwelt


## Pambansang bulaklak ng Australia

Ang pambansang bulaklak ng Australia ay ang ginintuang wattle (bulaklak ng puno ng akasyang Australiano). Ang maliit na punong ito ay karaniwang lumalaki sa timong-silangang Australia. Mayroon itong matingkad na luntiang dahon at maraming ginintuang dilaw na bulaklak tuwing tagsibol. Ang bawat estado at teritoryo ng Australia ay may kanya-kanyang sariling sagisag na bulaklak.


Ginintuang wattle

## Mga pambansang kulay ng Australia

Ang mga pambansang kulay ng Australia ay luntian at ginto, ang mga kulay ng ginintuang wattle. Ang uniporme ng ating pambansang koponan ng mga manlalaro ay karaniwang kulay luntian at ginto.


Mga pambansang kulay na luntian at ginto ng Australia

## Ang pambansang hiyas na bato ng Australia

Ang opal ay pambansang hiyas na bato ng Australia. Sa katutubong alamat, isang bahaghari ang dumampi sa mundo at gumawa ng mga kulay ng opal.


Opal

# Pambansang awit ng Australia

Ang 'Advance Australia Fair' ang pambansang awit ng Australia. Inaawit ito sa mga okasyong mahalaga sa bansa. Inaawit din ito sa mga seremonya ng pagkamamamayang Australiano, sa mga malaking palaro at sa iskwelahan. Pinagbubuklod nito ang bansa at isa itong pagpapahiwatig sa publiko ng katuwaan at karangalang maging Australiano.

## Advance Australia Fair

*Australians all let us rejoice,*

*For we are young and free;*

*We've golden soil and wealth for toil;*

*Our home is girt by sea;*

*Our land abounds in nature's gifts*

*Of beauty rich and rare;*

*In history's page, let every stage*

*Advance Australia Fair.*

*In joyful strains then let us sing,*

*Advance Australia Fair.*

*Beneath our radiant Southern Cross*

*We'll toil with hearts and hands;*

*To make this Commonwealth of ours*

*Renowned of all the lands;*

*For those who've come across the seas*

*We've boundless plains to share;*

*With courage let us all combine*

*To Advance Australia Fair.*

*In joyful strains then let us sing,*

*Advance Australia Fair.*

* Na maaaring bigyan kayo ng iksamen sa pangalan ng pambansang awit, hindi naman kayo bibigyan ng iksamen sa mga salita ng pambansang awit.






# Ikalawang Bahagi
# Mga demokratikong paniniwala, karapatan at kalayaan ng Australia

*Simula ngayon at sa hinaharap, na may pananampalataya sa Diyos,**

*Ako ay nangangako ng aking katapatan sa Australia at sa kaniyang mamamayan,*

***sa mga demokratikong paniniwala nito na nakikibahagi ako,***

***sa kaniyang mga karapatan at kalayaan na iginagalang ko, at***

*at sa mga batas nito na itataguyod at susundin ko.*

** Maaaring pumili ang isang tao kung gusto o ayaw niyang gamitin ang mga salitang 'sa ilalim ng Diyos'.*

# Mga demokratikong paniniwala, karapatan at kalayaan ng Australia

Sa seremonya ng pagkamamamayan, ipapangako ninyo na makikibahagi sa mga demokratikong paniniwala ng Australia at iginagalang ninyo ang mga karapatan at kalayaan ng mga mamamayan ng Australia.

Ang Australia ay isang demokrasya. Ang demokrasya ay isang sistema ng pamahalaan na ang mga mamamayan ay malayang pumipili ng kanilang mga kinatawan upang mamahala sa pamahalaan at gumawa ng batas para sa kanila.

Naninwala ang mga Australiano sa kapayaan, paggalang, kalayaan at pagkakapantay-pantay. Isang mahalagang bahagi ng pagiging Australiano ang paggalang sa pagkakaiba ng ibang tao at kanilang mga pagpili, kahit na kayo ay hindi sumasang-ayon sa ganoong mga pagpili Ito ay tungkol sa pagtrato ng kapwa nang makatarungan at pagbibigay sa lahat ng mga Australiano ng pantay-pantay na mga oportunidad at kalayaan, na kahit saan sila nanggaling, anuman ang kanilang mga tradisyon, o maging sila man ay lalaki o babae.

Ang mga demokratikong paniniwalang ito ang naghugis sa ating bansa at kultura at siyang mga dahilan kung bakit marami ang gustong maging Australiano. Kung kaya't napakahalaga na maunawaan ninyo ang mga demokratikong paniniwalang ito, at ang mga karapatan at kalayaan na iginagalang ng lahat ng mamamayang Australiano.

## Ang ating mga demokratikong paniniwala

### Demokrasyang Parlamentaryo

Ang sistema ng pamahalaan ng Australia ay isang demokrasyang parlamentaryo. Nangangahulugan ito na ang lahat ng mga Australiano ay kalahok sa kung papaano pinamamahalaan ang bansa. Ang kapangyarihan ng pamahalaan ay nanggagaling sa mga mamamayang Australiano dahil ang mga mamamayang Australiano ay palagiang bumuboto sa mga taong kakatawan sa kanila sa parlamento. Ang parlamento ang tanging may kapangyarihang gumawa at baguhin ang mga batas para sa pamamahala ng bansa.

Sa isang demokrasyang parlamentaryo, ang mga kinatawan sa parlamento ay dapat managot sa mga mamamayan, sa pamamagitan ng eleksiyon, sa kanilang mga desisyong ginagawa.

### Ang paghahari ng batas

Ang mga batas ng Australia ay mahalaga sa lahat ng mga taong naninirahan sa Australia. Ang mga Australiano ay kinikilala ang kahalagahan ng mga batas sa pagpapanatili ng isang mapayapa at maayos na lipunan. Lahat ng mga Australiano ay may karapatang maprotektahan ng mga batas ng Australia.

Ang lahat ay dapat sumunod sa batas ng Australia. Kapag hindi sila sumunod sa batas, sila ay maaaring arestuhin ng pulis at humarap sa hukuman.

Ang lahat ng mga Australiano ay pantay-pantay sa ilalim ng batas at walang sinuman o grupo na mas tataas pa sa batas. Ang mga taong may mga posisyon ng kapangyarihan sa komunidad ng Australia ay dapat na sumunod sa batas ng Australia. Kabilang dito ang pamahalaan, mga lider ng komunidad at mga relihiyon, gayon din ang mga negosyante at ang pulisya.

### Mamuhay ng mapayapa

Ikinararangal nating namumuhay sa isang mapayapang bansa na may matibay na sistema ng pamahalaan. Naniniwala tayo na ang pagbabago ay nararapat mangyari sa pamamagitan ng pakikipag-usap, ng mapayapang paghihikayat at sa paraang demokratiko. Inaayawan natin ang karahasan bilang isang paraan upang baguhin ang pag-iisip ng isang tao o ng batas.

### Paggalang sa lahat ng mga indibidwal kahit anuman ang pinanggalingan

Ang mga tao ay dumating upang manirahan sa Australia mula pa sa ibang bansa sa buong paligid ng mundo. Maraming tao ang may ibang pamanang kultura na may ibat-ibang paniniwala at tradisyon. Sa ating demokratikong lipunan, tayong lahat ay malayang sumunod at makibagay sa mga paniniwala at tradisyong ito hangga't hindi nito nilalabag ang mga batas ng Australia.

Pinahahalagahan natin ang ganitong kalayaan at inaasahang ang lahat ng mga Australiano na tatratuhin ang bawat isa na may karangalan at pagggalang, kahit anupaman ang kanilang lahi, bansang pinanggalingan, kasarian, pagtatanging sekswal, estadong pangmatrimonyal, edad, kapansanan, namanang kultura, kultura, pulitika, kayamanan o relihiyon.

Binibigyan natin ng halaga ang paggalang sa isa't isa para sa karangalan ng lahat ng tao.

### Pakikiramay sa mga nangangailangan

Sa Australia ay mayroong diwa ng pagiging 'magkaibigan'. Nangangahulugan ito na tumutulong tayo at tumatanggap ng tulong sa bawat isa sa mga panahon ng pangangailangan. Ang isang kaibigan ay maaaring magdala ng makakain sa isang matandang kapitbahay, ipagmaneho ang isang kaibigan sa kaniyang miting sa doktor o bisitahin ang isang taong nalulungkot.

Dahil sa ganitong diwa ng pagiging magkaibigan, maraming mga indibidwal na tao at grupo ang tumutulong sa iba sa pamamagitan ng pagboboluntaryo sa komunidad. Maaari rin kayong magboluntaryo. Ang pagboboluntaryo ay nakapagbibigay-kasiyahan. Ito ay isang malaking pagkakataon na ibahagi ang kaalaman, matuto ng mga bagong kahusayan, at palaguin ang damdaming kasapi ng komunidad na Australiano. Ang ating pamahalaan ay sumusuporta sa mga Australianong nangangailangan sa pamamagitan ng segurong panlipunan at ibang mga serbisyo.

# Ang ating mga kalayaan

## Kalayaang magsalita at kalayaang magpahayag

Ang kalayaang magsalita ay pinapayagang magsalita at magsulat ang mga tao ng kanilang iniisip at pag-usapan ang kanilang mga ideya sa iba. Ang kalayaang magpahayag ay nagpapahintulot sa mga tao na ipahiwatig ang kanilang mga pananaw sa pamamagitan ng sining, musika at literatura.

Sa Australia, tayo ay malayang magsalita at magsulat ng ating iniisip, sa pribado o sa publiko, tungkol sa kahit anumang paksa. Subalit, hindi natin maaaring masaktan ang iba.




Ang mga Australiano ay malayang magprotesta na mapayapa laban sa mga desisyon at batas ng pamahalaan

Hindi tayo maaaring gumawa ng maling pangangatwiran, na himukin ang iba na lumabag sa batas o sirain ang pangalan ng isang tao. Mayroong mga batas na pinoprotektahan ang magandang reputasyon ng isang tao laban sa maling impormasyon.

Labag sa batas na manghimok ng ibang tao upang kapootan o gumawa ng karahasan sa iba dahil sa kanilang kultura, lahi o pinagmulan.

Malaya tayong makipagtagpo sa mga tao sa publiko o sa pribadong lugar para pag-usapan ang mga bagay na sosyal o pampulitika. Maaari nating punahin ang pamahalaan, magprotesta nang mapayapa laban sa desisyon ng pamahalaan at palitan ang mga batas.

Dapat din natin na igalang ang kalayaan ng iba na magsalita at magpahayag.

Ang mga pahayagan, telebisyon at radio ay may ganito ring kalayaan.

## Kalayaang sumapi sa asosyasyon

Ang mga Australiano ay malayang umanib sa anumang legal na organisasyon, tulad ng partidong pampulitika, unyon ng mga manggagawa, grupong pangkultura o pangsosyal. Maaari ring hindi sumali ang mga tao.

Ang mga Australiano ay maaaring makipagtipon sa iba upang magprotesta laban sa aksiyon ng pamahalaan o isang organisasyon. Subalit lahat ng mga protesta ay nararapat na sangayon sa batas. Ito'y nangangahulugang dapat maging mapayapa, at hindi mananakit ng isang tao o maninira ng propyedad.

## Kalayaang sumamba at gobyernong walang kaugnayan sa relihiyon

Ang Australia ay may pamanang Hudyo Kristiyano, at maraming mga Australiano na ang turing sa sarili ay mga Krisitiyano. Mayroong mga pista opisyal ang Australia sa mga araw ng Kristiyano tulad ng Biyernes Santo, Linggo ng Pagkabuhay na Muli at Araw ng Pasko.

Gayon pa man, ang pamahalaan ng Australia ay walang kaugnayan sa relihiyon. Ang ibig sabihin nito ay wala itong opisyal na pambansang relihiyon.

Ang mga tao sa Australia ay malayang sumunod sa kahit anong relihiyong kanilang pipiliin, hangga't ang mga kaugalian nito ay hindi lumalabag sa mga batas ng Australia. Bukod sa Kristiyanismo, ang Budismo, Islam, Hinduismo, Hudyo at marami pang ibang mga relihiyon ay malayang sundin sa Australia.

Ang mga Australiano ay malaya ring hindi sumunod sa isang relihiyon. Tinatrato ng pamahalaan ang lahat ng mamamayan na pantay-pantay, kahit anupaman ang kanilang mga relihiyon o paniniwala.

Ang ibat-ibang mga relihiyon ay dumadagdag sa pagiging masiglang multikultural na lipunan ang Australia.

Halos lahat ng mga relihiyon ay may mga patakaran, subalit hindi ito mga batas sa Australia. Halimbawa, ang diborsiyo, kabilang ang pangangalaga ng mga bata at kasunduan sa propyedad ay dapat sumunod sa mga batas na ginawa ng Parlamento ng Australia. Lahat ng mga Australiano ay may karapatang maprotektahan ng ganitong mga batas. May ilang mga relihiyon o kaugaliang pangkultura, tulad ng pag-aasawa nang mas marami sa isa sa parehong panahon, ay labag sa batas ng Australia.

# Ang ating mga pagkakapantay-pantay

## Pagkakapantay-pantay sa Australia

Mayroong ilang mga batas sa Australia na tinitiyak na ang isang tao ay hindi maaaring tratuhin ng di kaparis sa iba dahil sa kanilang kasarian, lahi, kapansanan o edad.

## Pagkakapantay-pantay ng mga lalaki at babae

Ang mga lalaki at babae ay may parehong maga karapatan sa Australia. Labag sa batas na itangi ang isang tao dahil sa kanilang kasarian.

Ang kapwa lalaki at babae ay may parehong karapatang gumawa ng sarili nilang desisyon sa mga bagay na personal tulad ng pag-aasawa, at ang mga ito ay protektado ng batas laban sa pananakot o karahasan.

Bawat lalaki at babae ay may parehong karapatan sa edukasyon at paghahanapbuhay. Kapwa sila maaaring bumoto o kumandidato sa parlamento. Maaari silang parehong sumapi sa Hukbong Pagtatanggol ng Australia (Australian Defence Force) at sa pulisya. Ang mga lalaki at babae ay tinatratong pantay-pantay ng mga hukuman ng batas.

## Pagkakapantay-pantay sa pagkakataon

Ang mga Australiano ay hindi naniniwala sa mga klase ng kalagayan sa ating lipunan. Sa halip, tayo ay naniniwala sa isang makatarungang lipunan, na kung saan ang bawat isa ay karapatdapat na bigyan ng makatarungang pagkakataon. Nangangahulugan ito na kung ano ang naabot ng isa sa kaniyang buhay ay resulta ito ng kaniyang pagsisikap at mga kahusayan, sa halip na kaniyang yaman o pinagmulan. Halimbawa, ang isang tao ay dapat na bigyan ng trabaho o pagtaas sa tungkulin batay sa kaniyang kakayahan, abilidad at karanasan, hindi dahil sa kaniyang pinagmulan.

May maraming kwento ng mga bagong migrante sa Australia na naging mga lider sa negosyo, mga propesyon, sa sining, serbisyong pampubliko at isport sa pamamagitan ng pagsisikap at mga kahusayan.



Ang mga tao sa Australia ay malayang sumunod sa kahit anumang relihiyon



Ang mga lalaki at babae ay maaaring sumapi sa hukbo, sa hukbong pandagat at sa hukbong panghimpapawid



Lahat ng mga Australiano ay may pagkakataon na mag-aral sa unibersidad

# Mga responsibilidad at pribiliheyo ng pagkamamamayang Australiano

Bilang permanenteng naninirahan sa Australia, kayo ay nagtamasa na ng mabuhay sa isang malaya at demokratikong lipunan. Sa oras na kayo'y magiging mamamayang Australiano, magkakaroon kayo ng mga bagong responsibilidad. Magkakaroon din kayo ng isang hanay ng mga bagong pakinabang.

## Mga responsibilidad – ano ang ibibigay ninyo sa Australia

Bilang mamamayang Australiano, dapat kang:

- sumunod sa batas
- bumoto sa mga eleksiyong pederal, estado o teritoryo, at sa reperendum
- magtanggol sa Australia kung kinakailangan
- magsilbi sa panghukumang lupong tagahatol kapag naatasan.

## Mga pribiliheyo – kung anong ibibigay sa iyo ng Australia

Bilang isang mamamayang Australiano, ikaw ay may karapatan na:

- bumoto sa mga eleksiyong pederal, estado o teritoryo, at sa reperendum
- mag-aplay sa trabaho sa Serbisyong Pangpubliko ng Australia (Australian Public Service) o sa Hukbong Tanggulan ng Australia (Australian Defence Force)
- kumandidato sa eleksiyon sa parlamento
- mag-aplay para sa isang pasaporteng Australiano at pumasok na muli sa Australia nang malaya
- tumanggap ng tulong sa isang opisyal ng Australia habang nasa ibang bansa
- itala ang mga batang ipinanganak sa ibang bansa bilang mamamayan ng Australia dahil sa kanilang magulang.

# Mga responsibilidad

## Sumunod sa batas

Ang ating mga kinatawan sa pamahalaan ay gumagawa ng batas upang mapanatili ang isang maayos, malaya at ligtas na lipunan at protektahan ang ating mga karapatan. Lahat ng mga Australiano ay dapat na sumunod sa mga batas na ginawa ng Parlamento ng Australia, ng parlamento ng estado at teritoryo, at ng lokal na pamahalaan.

Ang karagdagang impormasyon tungkol sa ilang mahahalagang batas ng Australia ay matatagpuan sa *Ikatlong Bahagi, Ang pamahalaan at batas sa Australia.*

## Bumoto sa mga eleksiyong pederal, estado o teritoryo, at sa reperendum

Ang pagboto ay parehong mahalagang karapatan at responsibilidad para sa lahat ng mga mamamayang Australiano. Tayo ay bumoboto para sa mga taong gusto nating kumatawan sa parlamento. Sa paggawa nito, tayong lahat ay may bahagi sa kung papaano pinamamahalaan ang pamahalaan at tumutulong sa hinaharap ng Australia.

Bilang isang mamamayan, kayo ay boboto ng palagi sa mga eleksiyong pederal at estado o teritoryo. Paminsan-minsan, kayo ay boboto sa isang reperendum, na isang boto upang baguhin ang Konstitusyon ng Australia. May higit na impormasyong matatagpuan sa *Ikatlong Bahagi, Ang pamahalaan at batas ng Australia.*

Ang mga mamamayang Australianong may edad na 18 taon o mas higit pa ay dapat magparehistro ng kanilang pangalan at tirahan sa talaan ng eleksiyon. Kapag kayo ay nasa talaan na ng eleksyon, ang pagboto ay sapilitan para sa mga mamamayang Australiano na may edad na 18 taon o mas higit pa sa mga eleksiyong pang-estado  o teritoryo.

Ang pagboto sa eleksiyon ng lokal na pamahalaan ay hindi sapilitan sa ilang mga estado.




Tayo ay may bahagi sa pagboto ng mga eleksiyong pederal, estado o teritoryo at ng lokal na pamahalaan

## Ipagtanggol ang Australia kung kinakailangan

Bagama't ang serbisyo sa Hukbong Tanggulan ng Australia ay boluntaryo, kung sa oras na kinakailangan ay mahalagang lahat ng mga mamamayang Australiano ay magtalaga sa sariling sumama sa pagtatanggol ng bansa at ang kinaugalian nitong pamumuhay.

### Magsilbi sa panghukumang lupong tagahatol kapag naatasan

Ang pagsilbi sa panghukumang lupong tagahatol ay isang responsibilidad para sa mga mamamayang Australiano na may edad na 18 taon o mas higit pa. Ang panghukumang lupong tagahatol ay isang grupo ng mga pangkaraniwang lalaki at babaing Australiano na nakikinig sa ebidensiya ng isang kaso sa hukuman at nagpapasiya kung ang isang tao ay may kasalanan o wala.

Kahit sinong Australiano na nasa rehistro ng eleksiyon ay maaaring tawaging magsilbi sa isang panghukumang lupong tagahatol.

Ang pagsilbi sa panghukumang lupong tagahatol ay nakapagtitiyak na ang sistema ng hukuman ay hayag at makatarungan.

## Mga pribiliheyo

### Mag-aplay sa trabaho sa Serbisyong Pampubliko ng Australia at sa Hukbong Tanggulan ng Australia

Kung kayo ay isang mamamayang Australiano, maaari kayong mag-aplay sa Serbisyong Pampubliko ng Australia at magtrabaho para sa Pamahalaan ng Australia, halimbawa, sa Centrelink, sa Medicare o sa Australian Taxation Office.

Ang mga mamamayang Australiano ay may karapatan ding mag-aplay para sa isang tungkulin sa Hukbong Tanggulan ng Australia (ang Hukbo, Hukbong Pandagat at Hukbong Panghimpapawid).

### Kumandidato sa eleksiyon sa parlamento

Ang mga mamamayang Australiano na may edad 18 taon o mas higit pa ay maaaring kumandidato sa eleksiyon sa parlamento ng pederal, estado o teritoryo. Kapwa isang karangalan at mahalagang responsibilidad ang magsilbi sa isang parlamento ng Australia.

### Mag-aplay ng pasaporteng Australiano at pumasok na muli nang malaya sa Australia

Sa oras na kayo ay nagging mamamayang Australiano, mayroon  kayong karapatang mamuhay nang malaya sa Australia.

Kayo ay may karapatang mag-aplay ng pasaporteng Australiano. Bilang isang Australiano, malaya kayong magbiyahe sa ibang bansa at bumalik sa Australia. Hindi ninyo kailangan ang bisa upang bumalik sa Australia.

### Tumanggap ng tulong sa isang opisyal na Australiano habang nasa ibang bansa

Sa karamihang bansa, ang Australia ay mayroong embahada, mataas na komisyon o konsulado. Habang kayo ay nasa ibang bansa, maaari kayong humingi ng tulong sa isang opisyal sa mga oras ng pangangailangan.

Kabilang dito ang mga pangkagipitang pangangailangan tulad ng kaguluhang sibil at mga kapahamakang pangkalikasan. Ang mga opisyal ay maaring magbigay ng mga pasaporteng pangkagipitan at mag-alay ng payo at suporta sa isang kaso ng aksidente, malubhang pagkakasakit o kamatayan.

Kung nasa ibang bansa, kailangan ninyong sumunod sa batas ng bansang ito.

### Itala ang mga batang ipinanganak sa ibang bansa bilang mga mamamayang Australiano dahil sa kanilang magulang

Ang mga mamamayang Australiano ay maaaring ipinanganak sa ibang bansa. Maaaring itala ang mga anak bilang mamamayan ng Australia. Sa gayon ang mga anak ay magkakaroon ng parehong mga karapatan at responsibilidad ng pagkamamamayan katulad ng mga batang ipinanganak sa Australia.

## Paglahok sa lipunang Australiano

Hinihimok ng Australia ang lahat ng mga mamamayan nito na lumahok sa lipunan. Ang mga mamamayang lumalahok sa lipunan ay nakakatulong sa Australia sa maraming paraan. Maaari kayong sumali sa inyong magkakapit-bahay at mga komunidad na lokal. Kayo ay maaaring magboluntaryo sa mga gawaing pangsoysal at pangkomunidad. Maaari kayong sumapi sa isang organisasyong pangsining o pangkultura. Maaari rin kayong aktibong lumahok sa pulitika.

Ang pagbabayad ng buwis ay isa pang mahalagang paraan ng pagtulong na deretso sa komunidad na Australiano. Ang buwis ay ibinabayad sa bawat salaping kinikita ninyo, maging ito man ay mula sa trabaho, sa negosyo o sa mga pamumuhunan.

Marami sa mga pakinabang na tinatamasa ng mga Australiano ay posibleng naibibigay dahil sa mga buwis. Ang mga buwis ay ginagastos sa mga serbisyong tulad ng kalusugan, edukasyon, pagtatanggol, mga kalsada at pambansang lansangan at tren, at segurong pangsosyal. Sa pamamagitan ng pagtrabaho at pagbabayad ng buwis, sinusuportahn ninyo ang pamahalaan na makapag-alay ng ganitong mga mahahalagang serbisyo sa komunidad na Australiano. Ang mga serbisyong ito ang dahilan kung bakit mapayapa at mayamang bansa ang Australia ngayon. Ang mga pamahalaan ng estado at teritoryo at mga lokal na konseho ay nangongolekta rin ng mga buwis na pangbayad sa mga serbisyo.

Ang pagbabayad ng buwis ay inaatas ng. Ang buwis ay kinokolekta ng Australian Taxation Office (ATO) mula sa mga negosyo at mga indibidwal. Sinisiguro ng ATO na ang lahat ng mga mamamayan ay nauunawaan ang kanilang karapatang pambuwis at mga obligasyon sa pagbabayad ng wastong halaga ng buwis.





# Ikatlong Bahagi
# Ang pamahalaan at batas ng Australia

*Simula ngayon at sa hinaharap, na may pananampalataya sa Diyos,**

*Ako ay nangangako ng aking katapatan sa Australia at sa kaniyang mamamayan,*

*sa mga demokratikong paniniwala nito na nakikibahagi ako,*

*sa kaniyang mga karapatan at kalayaan na iginagalang ko, at*

***at sa mga batas nito na itataguyod at susundin ko.***

** Maaaring pumili ang isang tao kung gusto o ayaw niyang gamitin ang mga salitang 'sa ilalim ng Diyos'.*

# Ang pamahalaan at batas ng Australia

Sa seremonya ng pagkamamamayan, kayo ay mangangako na itataguyod at susundin ang mga batas ng Australia. Mahalaga na maunawaan ninyo ang sistema ng pamahalaan ng Australia, kung papaano ang mga batas ay ginagawa sa ating demokrasyang parlamentaryo at papaanong ang mga batas ay inilalapat. Mahalaga rin na maunawaan ninyo, bilang isang mamamayan, kung papaaano kayo magkakaroon ng bahagi sa pagpapalakad ng ating bansa.

## Papaano ako magkakabahagi?

### Pagboto

Sa Australia, ang mga mamamayang may edad na 18 taon o mas higit pa ay kailangang magparehistro sa eleksiyong pederal. Sa pagboto, mayroon kayong bahagi sa pagpili kung sino ang inyong magiging kinatawan sa parlamento.Kung hindi kayo wastong nakarehistro, hindi kayo maaaring bumoto sa isang eleksiyon.

Kapag kayo ay narehistro na sa taalan ng mga boboto sa eleksiyon, ang pagboto sa mga eleksiyong pederal, estado o teritoryo ng Australia ay sapilitan. Kung hindi kayo bumoto sa isang eleksiyon, at wala kayong magaling na dahilan para hindi bumoto. magbabayad kayo ng multa. Ang sapilitang pagboto ay isang paraan ng pagtitiyak na ang mga taong ating inihalal ay silang tunay na gusto ng nakararami sa atin.

Ang Komisyong Pang-eleksiyon ng Australia (Australian Electoral Commission, AEC) ay isang ahensiya ng Komonwelt. Ito ang namamahala sa mga eleksiyong pederal at mga reperendum at sa talaan ng mga botante sa Komonwelt. Ang AEC ay tumutulong sa pagbibigay sa mga botante ng makatarungan at matapat na eleksiyon. Ito ay nagsasarili sa pamahalaan. Ang mga partidong pampulitika o mga tao sa pamahalaan ay hindi maaaring maimpluwensiyahan sa mga desisyon ng AEC. Ang pagboto ay sa pamamagitan ng mga balotang sekreto, kaya kayo ay malaya at ligtas na bumoto sa sinumang kandidato. Walang sinuman ang maaaring makakakita kung sino ang inyong ibinoto. Maaari ninyong sabihin sa ibang tao kung sino ang inyong ibinoto, subalit walang maaaring pumilit sa inyo na sabihin ito.

### Pagpapahiwatig ng mga bagay sa inyong kinatawan

Sa Australia, mayroon kayong karapatan na maipahiwatig ang mga bagay na may pagmamalasakit kayo sa inyong ibinotong kinatawan. Ang inyong mga opinyon ay maaaring kunin ng parlamento kung ito'y nagsasalang-alang ng mga bagong batas o pagbabago sa umiiral na batas.Halimbawa, kung kayo ay may minumungkahi tungkol sa pagpapabuti ng sistema ng imigrasyon, maaari kayong gumawa ng pakikipagtipan sa inyong lokal na miyembro ng parlamento upang ito ay mapag-usapan. Maaari rin kayong sumulat at ipahiwatig ang inyong mga opinyon.

Sa ganitong paraan, ang mga pangkaraniwang Australiano ay nagkakaroon ng bahagi sa paggawa ng mga batas at mga patakaran ng isang pamahalaan.

## Papaano natin itinatag ang ating sistema ng pamahalaan?

### Pederasyon

Bago ang taong 1901, ang Australia ay binubuo ng anim na magkakahiwalay at nagsasariling mga kolonya ng Britanya.

Sa loob ng kanilang mga hangganan, ang bawat kolonya ay may sariling konstitusyon at sariling batas na kaugnay sa pagtatanggol, imigrasyon, koreo, kalakalan at transportasyon.

Ginusto ng mga tao na pagsamahin ang mga kolonya upang bumuo ng isang bansang Australiano sa maraming kadahilanan. Ang pangangalakal at transportasyon sa pagitan ng mga kolonya ay magastos at mabagal. Napakahirap ang pagpapasunod ng batas pagtawid sa mga hangganan. Lalong mahalaga, ang pambansang pagkakilanlan sa Australia ay nagsisimulang mabuo. Nabubuo na rin ang mga koponan pangpalaro na kumakatawan sa Australia sa labas ng bansa at ang isang kakaibang bukod-tanging kulturang Australiano ay nabubuo sa mga sikat na kanta, mga tula, kwento at sining.

Napakahirap na tungkulin ang pag-isahin ang bansa, subalit sa pagtakbo ng panahon, ang ideya ng isang bansang Australiano ay nagkatotoo. Ipinagmamalaki ng mga Australiano ang katotohanan na ang kanilang bansa ay hindi inilunsad ng rebolusyon o madugong labanan, datapwa't sa pamamagitan ng negosyasyon at reperendum.

Noong ika-1 ng Enero 1901, ang mga kolonya ay nagkaisa na maging isang pederasyon ng mga estado na tinawag na Komonwelt ng Australia.


## Ang Konstitusyon ng Australia

Ang *Konstitusyon ng Komonwelt ng Australia Batas 1900* ay ang dokumentong legal na nagtatakda ng saligang patakaran para sa pamahalaan ng Australia. Ang Konstitusyon ng Australia ay orihinal na inaprubahan bilang bahagi ng isang Batas ng Parlamento ng Britanya noong 1900. Nang ang Konstitusyon ay maging epektibo noong ika-1 ng Enero 1901, ang mga kolonyang Australiano ay naging isang nagsasariling bansa, ang Komonwelt ng Australia.

Ang Konstitusyon ng Australia ang nagtatag sa Parlamento ng Komonwelt ng Australia, binubuo ng Lupon ng mga Kinatawan at ng Senado. Ang Konstitusyon ay nagtatag din sa Mataas na Hukuman ng Australia, na siyang may kapangyarihang maglapat at mag-interprete ng mga batas ng Australia.

Ang Konstitusyon ng Australia ay maaaring baguhin lamang sa pamamagitan ng espesyal na botohan na tinatawag na reperendum.

Sa isang reperendum, kailangan ang dobleng mayoriya para baguhin ang Konstitusyon ng Australia. Nangangahulugan ito na ang nakararaming mga botante sa nakararaming mga estado at nakararaming mga botante sa buong nasyon ay dapat na bumoto para sa pagbabago.




Ang Konstitusyon ng Australia

# Papaano kinokontrol ang kapangyarihan ng pamahalaan?

Hinahati ng Konstitusyon ng Australia ang kapangyarihan sa pagitan ng tatlong sangay ng pamahalaan. Ito ay para pigilin ang isang tao o isang grupo ng tao na mahawakan ang lahat ng kapangyarihan upang pamahalaan ang Australia.

### Kapangyarihang gumawa ng batas

Ang Parlamento ang may kapangyarihang gumawa at baguhin ang mga batas. Binubuo ang Parlamento ng mga kinatawang inihalal ng mga mamamayan ng Australia.

### Kapangyarihang mangasiwa

Ang kapangyarihang mangasiwa ay ang kapangyarihang ipatupad ang mga batas. Binubuo ang Tagapangasiwa ng mga ministro ng Pamahalaan ng Australia at ng Gobernador-Heneral. Ang bawat ministro ay may responsbilidad sa isa o mas maraming Kagawaran ng pamahalaan.

### Kapangyarihang panghustisya

Ang mga huwes ang may kapangyarihang mag-interprete at maglapat ng batas. Ang mga hukuman at huwes ay nagsasarili sa parlamento at ng pamahalaan.

Ang mga kapangyarihang ito ay nakasulat sa Konstitusyon ng Australia.

# Sino ang Pinuno ng Estado ng Australia?

Ang Pinuno ng Estado ng Australia ay ang Reyna ng Australia, ang Kaniyang Kamahalan Reyna Elizabeth II.

Sa Australia, ang Reyna ay walang pang-araw-araw na bahaging ginagampanan sa pamahalaan. Ang Reyna ang humihirang ng Gobernador-Heneral bilang kaniyang kinatawan sa Australia, alinsunod sa payong tinanggap sa Punong Ministro ng Australia. Ang Gobernador-Heneral ay nagsasariling kumikilos sa lahat ng mga partidong pampulitika.

Sa bawat estado ay may isang Gobernador na kumakatawan sa Reyna na katumbas ng ginagampanan ng Gobernador-Heneral.

## Pamahalaang makahari na ayon sa Konstitusyon

Ang Australia ay isang pamahalaang makahari na ayon sa Konstitusyon. Ang isang pamahalaang makahari na ayon sa Konstitusyon ay isang bansa na kung saan ang hari o reyna ang siyang pinuno ng estado subalit kumikilos nang ayon sa Konstitusyon.

Ang sistema ng parlamentaryong demokrasya ng Australia ay batay sa sistema ng Britanya, na itinatag sa loob ng maraming siglo. Sa sistemang Australiano, ang lider ng Pamahalaan ng Australia ay ang Punong Ministro.

## Ang bahaging ginampanan ng Gobernador-Heneral

Ang Gobernador-Heneral ang:

- pumipirma sa lahat ng mga panukalang batas na inaprubahan ng Parlamento ng Australia upang maging batas (ito ay tinatawag na Pagsang-ayon ng Hari or Reyna –Royal Assent)
- pumipirma sa lahat ng mga regulasyon
- gumaganap sa mga tungkuling pang-seremonya
- Nag-aapruba sa paghirang ng Pamahalaan ng Australia at mga ministro nito, mga huwes pederal at iba pang mga opisyal.

Ang Gobernador-Heneral ay mayroong espesyal na kapangyarihan na tinatawag na 'kapangyarihang nakareserba' na maaaring gamitin lamang sa partikular na mga pangyayari.

# Sino ang ilan sa mga lider ng Australia?

**Pinuno ng Estado**
Ang Reyna ng Australia

**Gobernador-Heneral**
Ang kinatawan ng Pinuno ng Estado ng Australia

**Gobernador**
Ang kinatawan ng Pinuno ng Estado ng bawat estado ng Australia

**Punong Ministro**
Ang lider ng Pamahalaan ng Australia

**Premyer**
Ang lider ng pamahalaan ng estado

**Pinunong Ministro**
Ang lider ng pamahalaan ng teritoryo

**Ministro ng Pamahalaan**
Isang miyembro ng parlamento na pinili ng isang lider ng pamahalaan upang maging responsable sa isang bahagi ng pamahalaan

**Miyembro ng Parlamento (MP)**
Isang inihalal na kinatawan ng mga mamamayang Australiano sa Parlamento ng Australia

**Senador**
Isang inihalal na kinatawan ng estado o teritoryo sa Parlamento ng Australia

**Meyor or Presidente ng Distrito**
Ang lider ng lokal na konseho

**Konsehal**
Isang inihalal na miyembro ng lokal na konseho



Ang dating Bahay ng Parlamento sa Canberra itinayo noong 1927

# Paano pinamamahalaan ang Australia?

## Ang Pamahalaan ng Australia

Ang Pamahalaan ng Australia ay tinatawag ding Pamahalaang Pederal o ang Pamahalaan ng Komonwelt.

Ang Parlamentong Australia ay may dalawang kapulungan:

- ang Kapulungan ng mga Kinatawan
- Ang Senado.

Ang mga miyembro ng bawat Kapulungan ay direktang ibinoboto ng mga mamamayan ng Australia sa eleksiyong pederal. Kung kayo ay bumoto sa isang eleksiyong pederal, karaniwang pumipili kayo ng inyong kinatawan sa bawat Kapulungan.



Ang Bagong Bahay ng Parlamento sa Canberra itinayo noong 1988

## Ang Kapulungan ng mga Kinatawan

Ang Kapulungan ng mga Kinatawan ay tinatawag ding Mababang Kapulungan o ang Bahay ng mga Mamamayan.

Nahahati ang Australia sa mga distrito ng mga botanteng pederal. Ang mga Australiano sa bawat distrito ay bumoboto para isang tao na kakatawan sa kanila sa Kapulungan ng mga Kinatawan. Ang kinatawang ito ay tinatawag na Miyembro ng Parlamento (MP).

Ang bilang ng mga MPs sa bawat estado at teritoryo ay batay sa laki ng kaniyang populasyon. Ang mga mamamayan ng Australia ay bumuboto ng kabuuang 150 na miyembro sa Kapulungan ng mga Kinatawan.

Ang mahalagang gawain ng Kapulungan ng mga Kinatawan ay ang magsaalang-alang, magdebate at bumoto sa mga panukalang bagong batas o mga pagbabago sa batas. Ang mga miyembro ng Kapulungan ng mga Kinatawan ay tumatalakay din sa mga bagay na mahalaga sa bansa.


Ang Kapulungan ng mga Kinatawan

## Ang Senado

Ang Senado ay tinatawag kung minsan na Mataaas na Kapulungan, ang Bahay ng Pagrerepaso o ang Bahay ng mga Estado.

Ang mga estado ay pantay-pantay na kinakatawan sa Senado, na walang pasasaalang-alang sa laki ng kanilang populasyon. Mayroong 12 kinatawan na inihahalal ang bawat estado. Ang kapwa mga teritoryo sa pangunahing lupain ay bumoboto ng dalawang kinatawan bawat isa. Mayroong 76 na kinatawan na inihahalal sa kabuuan at sila ay tinatawag ng mga Senador.

Ang mga Senador ay nagsasaalang-alang, nagdedebate at bumoboto sa mga bagong batas o pagbabago sa batas. Pinag-uusapan din ng mga Senador ang mga bagay na mahalaga sa bansa.


Ang Senado

## Ang pamahalaan ng estado at teritoryo

Mayroong anim na estado at dalawang teritoryo mula sa pangunahing lupain sa Australia. Ang bawat estado ay may kaniyang sariling konstitusyon at sariling parlamento. Ang mga pamahalaan ng estado at teritoryo ay matatagpuan sa kanilang mga kabiserang siyudad.

Ang lider ng pamahalaan ng estado ay ang Premyer at ang lider ng pamahalaan ng teritoryo ay ang Pinunong Ministro.

Ang mga pamahalaan ng estado ay gumagana tulad ng Pamahalaan ng Australia. Sa bawat estado, isang Gobernador ang kumakatawan sa Reyna ng Australia. Sa Hilagang Teritoryo, isang Administrador ang hinihirang ng Gobernador-Heneral. Ang tungkulin at mga responsibilidad ng Administrador ay katulad ng sa Gobernador ng estado.

Gaya ng sa Pamahalaan ng Australia, ang mga mamamayan ay bumoboto ng isang kinatawan para sa kanilang distrito. Ang mga kinatawang ito ay nagiging miyembro ng parlamento ng estado o teritoryo.

## Pamahalaang lokal

Ang mga estado at ang Hilagang Teritoryo ay hinahati sa mga lugar ng pamahalaang lokal. Ito ay maaaring tawagin na mga siyudad, distrito, bayan o mga munisipalidad. Ang bawat distrito ay mayroong sariling lokal na konseho. Ang mga konseho ay responsable sa pagpaplano at paghahatid ng mg serbisyo sa kanilang lokal na komunidad. Ang mga mamamayan sa bawat pamahalaanng lokal ay bumoboto para sa kanilang mga lokal na konsehal.

## Ano ang mga gawain ng tatlong antas ng pamahalaan?

Ang Pamahalaan ng Australia ay may tungkulin sa:

- pagbubuwis
- pamamamahala ng pambansang ekonomiya
- imigrasyon at pagkamamamayan
- paghahanapbuhay
- serbisyong pangkoreo at pangkomunikasyon
- segurong panlipunan (mga pensiyon at suportang pangpamilya)
- pagtatanggol
- pangangalakal
- mga paliparan ng eruplano at kaligtasan sa himpapawid
- mga suliraning panlabas (mga pakipag-ugnayan sa ibang bansa).



Ang Pamahalaan ng Australia ang may tungkulin sa pamamahala ng pambansang ekonomiya

Ang mga pamahalaan ng estado at teritoryo ay responsable sa:

- serbisyong pang-ospital at pangkalusugan
- mga paaralan
- mga riles ng tren
- mga kalsada at kontrol ng trapiko sa kalsada
- kagubatan
- pulisya
- Transportasyong pampubliko.



Ang mga pamahalaan ng estado at teritoryo ang responsable sa mga ospital

Ang mga pamahalaang lokal (at Pamahalaan ng Australian Capital Territory) ay responsable sa:

- mga palatandaan sa kalsada at kontrol ng trapiko
- mga lokal na kalsada, mga daanan ng tao, mga tulay
- mga alkantarilya
- mga liwasan, palaruan, palanguyan, mga lupang panglaro
- mga lupang pangkampo at mga liwasang pangkaraban
- inspeksiyon ng pagkain at karne
- kontrol ng ingay at hayop
- koleksiyon ng basura
- mga aklatang lokal, mga bulwagan at sentrong pangkomunidad
- mga ilang isyu tungkol sa pangangalaga ng bata at matanda
- permiso para sa pagpapatayo ng gusali
- pagpaplanong panlipunan
- mga isyu ng lokal na kapaligiran.



Ang mga pamahalaang lokal ang responsible sa mga palaruan

Ang ilang mga responsibilidad ay pinaghahatian ng mga ibat-ibang antas ng pamahalaan. Ang Konseho ng Pamahalaan ng Australia (Council of Australian Government, COAG) ay itinatag upang pasiglahin ang kooperasyon sa pagitan ng mga antas ng pamahalaan.

## Ano ang bahaging ginagampanan ng mga partidong pampulitika sa pamamahala ng pamahalaan ng Australia?

Ang isang partidong pampulitika ay isang grupo ng mga tao na may parehong pananaw kung papaano palalakarin ang pamahalaan. Sila ay kumikilos na magkakasama upang gawing batas ang mga pananaw ng partido. Ang mga pangunahing partido pampulitika sa Australia ay ang Partido ng mga Manggagawa ng Australia (Australian Labour Party), ang Partido Liberal (Liberal Party), ang mga Pambansa (the Nationals) at ang Luntiang Australiano (Australian Greens).

Karamihan sa mga miyembro ng parlamento ay kabilang sa mga partidong pampulitika. Ang ilang mga miyembro ng parlamento ay hindi kasapi sa anumang partidong pampulitika. Tinatawag silang mga independiyente.

Sa Australia, malaya kayong sumanib sa isang partidong pampulitika na inyong pinili.

## Papaano binubuo ang Pamahalaan ng Australia?

Pagkatapos ng eleksiyon, ang partidong pampulitika o koalisyon ng mga partido na may nakararaming mga miyembro sa Kapulungan ng mga Kinatawan ay bubuo ng Pamahalaan ng Australia. Ang lider ng partidong ito ang siyang magiging lider ng Pamahalaan ng Australia, ang Punong Ministro.

Ang partido o koalisyon ng mga partido na may susunod na pinakamaraming miyembro sa Kapulungan ng mga Kinatawan ay tinatawag na Oposisyon. Ang lider nito ay ang Lider ng Oposisyon.

Pinipili ng Punong Ministro ang mga MPs o Senador na hihiranging mga ministro. Ang mga ministro ay responsable sa mga mahalagang sangay ng pamahalaan (tinatawag na portpolyo), tulad ng paghahanapbuhay, mga suliraning pangkatutubo o ng pananalapi. Ang mga ministro na may pinakamataas na portpolyo ang bumubuo ng Gabinete, na siyang pinakamahalagang lupon na gumagawa ng desisyon para sa Pamahalaan ng Australia.



Mataas na hukuman ng Australia

## Papaano ginagawa ang mga batas?

Inihahalal ng mga mamamayan ng Australia ang mga taong kakatawan sa kanila sa Parlamento ng Australia.

Ang Parlamento ng Australia ang gumagawa at nagbabago ng mga batas para sa kabutihan ng bansa.

Ang miyembro ng Parlamento ng Australia ay nagpapanukala ng bagong batas o pagbabago sa batas. Ito ay tinatawag na Panukalang-batas.

Ang Kapulungan ng mga Kinatawan at Senado ay nagkokonsidera, nagdedebate at bumoboto kung sila ay sang-ayon sa panukalang-batas.

Kung ang nakararaming miyembro ng bawat Kapulungan ng Parlamento ay sang-ayon sa panukalang-batas, ito ay dadalhin sa Gobernador-Heneral.

Kapag pinirmahan ng Gobernador-Heneral ang panukalang-batas, ito ay magiging batas. Tinatawag itong Maharlikang Pagsang-ayon (Royal Assent).

Ang mga parlamento ng estado at teritoryo ay gumagawa ng kanilang mga batas sa katumbas na paraan.

## Papaano pinamamahalaan ang mga batas?

### Ang mga hukuman

Ang mga hukuman sa Australia ang may responsibilidad sa pag-interprete at paglalapat ng batas. Ang mga ito ay nagsasarili sa pamahalaan. Ang mga hukuman ang magdedesisyon kung ang isang tao ay nilabag o hindi ang batas at ang parusang dapat na ilapat. Ang bawat isang tao ay may karapatang katawanin ng isang abogado sa hukuman. Ang mga hukuman ay ibabatay lamang ang kanilang mga desisyon sa ebidensiyang iniharap sa kanila.

### Mga huwes at mahistrados

Ang huwes o mahistrado ang siyang pinakamataas na awtoridad sa loob ng hukuman. Ang mga huwes at mahistrado ay nagsasarili at walang sinuman ang maaaring magsabi sa kanila kung ano ang dapat nilang gawing desisyon.

Ang mga huwes at mahistrado ay hinirang ng pamahalaan, subalit hindi sila maaaring tanggalin ng pamahalaan sa kanilang mga posisyon kung ito ay hindi sang-ayon sa kanilang mga desisyon.

## Mga panghukumang lupong tagahatol

Ang hukuman ay gagamit ng isang panghukumang lupong tagahatol sa ilang mga kaso upang makapagdesisyon kung ang isang tao ay lumabag sa batas.

Ang panghukumang lupong tagahatol ay isang grupo ng mga pangkaraniwang mamamayan na piniling pasumala mula sa pangkalahatang populasyon. Ipaliliwanag ng huwes ang batas sa hukumang lupong tagahatol. Sa isang paglilitis na kriminal, kapag natagpuan ng hukumang lupong tagahatol na ang isang tao ay may kasalanan, ang huwes ang magdedesisyon sa kaparusahan.

Sa ilalim ng batas, ang mga tao sa Australia ay itinuturing na walang kasalanan hangga't hindi sila napapatunayang may kasalanan ng isang hukuman.

## Ang pulisya

Ang pulisya ay nagpapanitili ng kapayapaan at kaayusan sa komunidad. Kanilang tungkulin na protektahan ang buhay at propyedad. Sila ay nagsasarili sa pamahalaan. Kung naniniwala ang pulisya na ang isang tao ay nilabag ang batas, maaari nilang arestuhin ito at iharap sa hukuman ng batas. Ang pulisya ay maaaring magbigay ng ebidensiya sa hukuman, datapwa't ang hukuman ang gagawa ng desisyon kung ang isang tao ay may kasalanan o wala.

Ang mga estado at ang Hilagang Teritoryo ay may sariling mga hukbong pampulisya. Sila ang humaharap sa mga krimen sa ilalim ng mga batas ng estado at teritoryo.

Ang Australia ay mayroong pambansang pulisya na tinatawag na Pederal na Pulisya ng Australia (Australian Federal Police). Ang Pederal na Pulisya ng Australia ay nag-iimbestiga ng mga krimen laban sa batas pederal, halimbawa nito ay pagtatrapiko ng droga, mga krimen laban sa seguridad ng bansa at mga krimen laban sa kapaligiran. Tungkulin din ng Pederal na Pulisya ng Australia ang pangkalahatang gawaing pampulisya sa Australian Capital Territory.

Ang pulisya at ang komunidad ay may magandang samahan sa Australia. Maaari ninyong ireport ang mga krimen at humingi ng tulong sa inyong mga lokal na pulisya.

Mahalaga na kayo ay pamilyar sa mga batas ng Australia, dahil ang hindi pagkakaalam sa batas ay hindi dahilan para sa paglabag nito.

Isang mabigat na krimen ang suhulan ang isang opisyal ng pulisya, Isang krimen ito kahit na mag-alay lang ng suhol sa isang opisyal ng pulisya.

## Mga kriminal na paglabag sa Australia

Kabilang sa mga ilang pinakamabigat na krimen ang pagpatay, pagsalakay, panggagahasa, karahasan sa tao o propyedad, armadong pagnanakaw o pandurukot, mga relasyong sekswal sa mga bata o mga menor de edad, mapanganib na pagmamaneho ng sasakyan, pag-aari at paggamit ng drogang pinagbabawal at pandaraya.

Gaya sa ibang bansa, ang karahasan sa isang tao ay pinagbabawal sa Australia at ito ay isang mabigat na krimen. Kabilang ang karahasan sa tahanan at sa loob ng pag-aasawahan, na tinatawag na karahasang pantahanan o pampamilya. Kabilang sa karahasang pantahanan ay kabilang ang pang-aabusong pisikal, sekswal o sikolohikal o pananakit, sapilitang relasyong sekswal, sapilitang paghihiwalay o pagpapahirap sa pangkabuhayan.

Ang pagdadala ng mga sandata tulad ng kutsilyo o baril ay ipinagbabawal ng batas sa Australia. Ang isang tao na gustong magkaroon ng isang baril, halimbawa ay para gamitin ito sa bukid, ay kailangang kumuha muna sa pulisya ng lisensiya na magmay-ari ng sandatang pumuputok.

## Mga paglabag sa trapiko

Ang mga patakaran sa kalsada at trapiko ay tungkulin ng mga pamahalaan ng estado at teritoryo. Ang mga tao ay maaaring pagmultahin ng malaking halaga o kahit ipakulong dahil sa paglabag sa mga batas pangtrapiko. Para makapagmaneho ng sasakyan sa Australia, kailangan ninyo ng lokal na lisensiyang magmaneho at ang sasakyan ay dapat na nakarehistro.

Ang bawat isa na nakasakay sa isang sasakyan ay dapat na magsuot ng sinturong-pang-upuan. Ang mga bata ay dapat na nasa aprubadong upuang pangkotse para sa bata. Ang mga batas pantrapiko na may kinalaman sa mabilis na pagmamaneho ng sasakyan at pagmamaneho pagkatapos uminom ng alak o gumamit ng droga ay napakahigpit. Labag din sa batas na gumamit ng teleponong hawak sa kamay habang nagmamaneho ng sasakyan.

# Sa katapusan

Ang ating mga institusyong demokratiko ay itinatag ang isang mapayapa at matatag na lipunan. Mayroon tayong mayaman at kakaibang kultura na maaari nating ibahagi. Bilang isang mamamayang Australiano, kayo ay magiging bahagi ng kwento ng ating bansa at kayo ay makakatulong sa ating hinaharap. Malugod kayong tinatanggap ng Australia. Ang pagkamamamayan ang ating panlahatang pagkakaugnay.

Bilang paghahanda sa inyong iksamen sa pagkamamamayan, subukan ang mga tanong pang-iksamen sa mga pahina 34 at 35.

# Talahuluganan ng seksiyong iniiksamen

**Ang Serbisyong Pampubliko ng Australia**
mga Kagawaran ng pamahalaan at mga taong empleyado nito
*Nakakuha ng trabaho si Paul sa Serbisyong Pampubliko ng Australia bilang isang opisyal ng Centrelink.*

**kaguluhang sibil**
ang mga demonstrasyon at kaguluhan ng malaking bilang ng mga tao na karaniwang nagpoprotesta laban sa desisyon o patakaran ng pamahalaan
*Nagkaroon ng kaguluhang sibil nang aprubahan ng pamahalaan ang mga batas na kinamumuhian.*

**koalisyon**
ang pagbubuklod ng dalawa o mas higit pa na partidong pampulitika na karaniwan ay para magtatag ng isang pamahalaan o oposisyon
*Pagkatapos ng eleksiyon, walang partido na nakakamit ng mayoriya sa Kapulungan ng mga Kinatawan, kaya't ang dalawang partido na may parehong pananaw ay nagbuo ng isang koalisyon.*

**komisyon**
isang grupo ng tao na mayroong opisyal na responsibilidad
*Isang nagsasariling komisyon ang namamahala sa mga eleksiyon.*

**pamahalaang makahari na ayon sa konstitusyon**
isang bansa kung saan ang hari o reyna ang puno ng estado, na ang mga kapangyarihan ay limitado ng konstitusyon
*Itinatag ng ating Konstitusyon ang Komonwelt ng Australia bilang isang konstitusyonal na monarkiya, kung saan ang Hari o Reyna ng United Kingdom ang ating Pinuno ng Estado.*

**hukuman**
isang lugar kung saan ang mga kasong legal ay pinakikinggan ng isang huwes o mahistrado
*Kapag nilabag ng mga tao ang batas, maaari silang iharap sa hukuman.*

**paglilitis na kriminal**
ang pagdinig sa hukuman ng mga nangyari tungkol sa isang alegasyong krimen upang magdesisyon kung may kasalanan o wala ang isang tao
*Pagkatapos ng paglilitis ng krimen, ang nagnakaw sa bangko ay nabilanggo.*

**demokrasya**
pamahalaan ng mga tao sa pamamagitan ng kanilang inihalal na kinatawan
*Maligayang naninirahan sa isang demokrasya si Grace kung saan siya ay maaaring bumoto sa kaniyang kinatawan sa parlamento.*

**pagtatrapiko ng droga**
pagdadala o pagbili ng droga upang ibentang ilegal
*Si Jess ay ipinadala sa bilangguan dahil sa pagtatrapiko ng droga.*

**pagpapahirap sa pangkabuhayan**
isang uri ng karahasang pantahanan, kung saan ang isang kasama sa relasyon ay pinipigil ang isang kasama sa pagtanggap o paghawak ng pera
*Nakaranas si Lin ng pagpapahirap sa pangkabuhayan dahil hindi siya binibigyan ng pera ng kaniyang asawa.*

**eleksiyon**
isang pangyayari na ang mga mamamayan ay pumipili ng taong kakatawan sa kanila sa parlamento
*Ang mga mamamayang Australiano na may edad 18 na taon o higit pa ay dapat na bumoto sa isang eleksiyon.*

rehistro ng mga botante
ang listahan mga taong may karapatang bumoto sa eleksiyon o reperendum
*Nang si Jan ay dumating sa sentro ng botohan, tiningnan ng opisyal ang kaniyang pangalan sa rehistro ng mga botante.*

ipatupad ang batas
siguruhin na ang mga tao ay sumusunod sa batas
*Tungkulin ng pulisya na ipatupad ang batas at panatilihin ang kapayapaan.*

kapangyarihang mamamahala
ang kapangayrihan at awtoridad na pamahalaan ang mga batas, isa sa tatlong kapangyarihan sa ilalim ng Konstitusyon ng Australia
*Ang mga ministro ng Pamahalaan ng Australia at ang Punong Ministro ang may kapangyarihang mamamahala ng mga batas na ginawa ng Parlamento ng Australia.*

pederasyon
ang pagkakabuklod ng mga kolonya upang maging isang bansa samantalang kanilang pinanatili ang ilang mga kapangyarihan
*Noong 1901, ang mga kolonya ay nagkabuklod-buklod bilang isang pederasyon na tinawag na Komonwelt ng Australia.*

Unang Plota
ang grupo ng 11 barkong bumiyahe mula sa Britanya sa ilalim ni Kapitan Arthur Phillip upang itatag ang paninirahan ng mga bilanggo sa New South Wales
*Sa Araw ng Australia ay ating inaalaala ang pagdaong ng Unang Plota sa Sydney Cove noong ika-26 ng Enero 1788.*

simbolong bulaklak
pambansang bulaklak
*Ang simbolong bulaklak ng Australia ay ang ginintuang wattle.*

sapilitang paghihiwalay
isang uri ng karahasang pantahanan kung saan ang isang kasama sa relasyon ay kinokontrol kung kanino makikipagtagpo at makikipag-usap ang kaniyang kasama, ano ang kaniyang babasahin at saan siya pupunta
*Si Sandi ay nasa isang sapilitang paghihiwalay dahil ayaw siyang pabisitahin ng kaniyang asawa sa kaniyang mga kaibigan o pamilya.*

mula sa panahong ito
mula ngayon at sa hinaharap
*Sa seremonya ng pagkamamamayan, ikaw ay nangako na maging tapat sa Australia mula sa panahong ito.*

simbolo
Isang tanyag na larawan
*Ang Opera House ay isang sikat na simbolo ng Sydney.*

Katutubong mga tao
ang mga orihinal na naninirahan sa lupain – sa Australia, ang mga Katutubo at mga tao mula sa Torres Strait Islander
*Ang katutubong mga tao ng Australia ay bumubuo sa 2.5 na porsiyento ng populasyon ng Australia.*

Hudyo-Kristiyano
ng kapwa relihiyon ng Hudyo at Kristiyano
*Ang mga kaugaliang Hudyo-Kristiyano ay yaong mga nakabatay sa mga leksiyon sa Bibliya.*

kapangyarihang panghustisya
ang kapangyarihan at awtoridad na mag-interprete at maglapat ng mga batas, isa sa tatlong kapangyarihan sa ilalim ng Konstitusyon ng Australia
*Ang mga hukuman ng Australia ang may kapangyarihang panghustisya na mag-interprete at maglapat ng batas.*

kapangyarihang pambatas
ang kapangyarihan at awtoridad na gumawa at baguhin ang mga batas, isa sa tatlong kapangyarihan sa ilalim ng Konstitusyon ng Australia
*Sa ilalim ng konstitusyon, ang parlamento ang may kapangyarihang pambatas,ibig sabihin ay ang kapangyarihang gumawa ng batas.*

mga kalayaan
personal na kalayaan at pagsasarili
*Sa ating lipunang demokratiko, ang mga tao ay may kalayaang magsalita, kalayaang magpahayag ng iniisip, kalayaan ng relihyon at kalayaang sumapi sa anumang asosasyon. Pinahahalagahan natin ang mga kalayaang ito.*

mahistrado
isang huwes(lider) ng isang mababang hukuman
*Napatunayan ng mahistrado ang magnanakaw na may kasalanan at pinadala ito sa bilangguan.*

pagiging magkaibigan
pagtulong at pagtanggap ng tulong sa iba, lalo na sa panahon ng kahirapan
*Nang masiraan ang aking sasakyan, ang ibang mga drayber ay tumulong sa pagtulak nito sa diwa ng pagiging magkaibigan.*

pambansang awit
pambansang kanta
*Ang pambansang awit ng Australia ay 'Advance Australia Fair'.*

parlamentaryong demokrasya
isang sistema ng pamahalaan batay sa palagiang eleksiyon ng mga kinatawan sa parlamento ng mga mamamayan
*Sa isang parlamentaryong demokrasya, ang mga tao ay bumuboto sa kanilang mga kinatawan.*

permanenteng residente
ang taong may visa upang manirahan o magtrabaho sa Australia nang walang takdang panahon
*Ang kapitbahay na Hapones ni Abdul ay isang permanenteng residente ng Australia at nagtatrabaho sa isang bangko.*

partidong pampulitika
Isang grupo ng tao na may parehong mga pananaw kung papaano pamamahalaan ang bansa
*Ang mga miyembro ng partidong pampulitika ay regular na nagtitipon, halimbawa upang pag-usapan ang mga pagpapabuti sa transportasyong pampubliko.*

serbisyong pampubliko
ang paggamit ng panahon, lakas o kahusayan para sa kabutihan ng nasyon
*Si Jose ay nagbigay ng mahalagang serbisyong pampubliko sa pagtulong sa mga taong tumakas sa kanilang bansa upang manirahan sa Australia.*

reperendum
isang botohan ng lahat ng mga botante sa isang panukalang pagbabago sa Konstitusyon ng Australia
*Sa reperendum noong 1967, ibinoto ng mga tao na isamang bilangin ang mga katutubong Australiano sa sensus.*

kinatawan
isang tao na kumikilos o nagsasalita para sa iba
*Nagustuhan ng lokal kong kinatawan ang aking ideya at iniharap ito sa pulong ng konseho.*

pagrerepaso
isaalang-alang ang panukala para sa isang bagong batas at magdesisyon na tanggapin o tanggihan ito
*Pinagdebatehan ng Senado, bilang isang Kapulungan ng Pagrerepaso, ang panukalalang batas para sa buwis mula sa Mababang Kapulungan.*

sekretong balota
isang sistema ng pagboto kung saan ang mga tao ay bumuboto ng pribado para walang sinumang maka-impluwensiya o makapilit kung paanong paraan sila boboto
*Sa isang sekretong balota, walang sinumang tumintingin habang isinusulat mo ang iyong boto.*

sekular
hiwalay sa relihiyon
*Walang opisyal na relihiyon sa isang sekular na lipunan.*

nagtatag
magtayo, magtatag, magsimula
*Si Gobernador Phillip ang nagtatag ng unang kolonya sa New South Wales.*

distrito
isang sangay ng pamahalaang lokal
*Ang mga kalsada sa aking distrito ay napakaligtas.*

segurong panlipunan
mga pensiyon o pakinabang sa pamahalaan upang tulungan ang mga walang trabaho, ang may kapansanan, ang matatanda at ibang nangangailangan
*Nang mawalan ng trabaho si Trang, siya ay nag-aplay para tumanggap ng segurong panlipunan.*

subukan ang iyong kapalaran
subukan ang isang pagkakaton
*Taun-taon, sinusubukan ko ang aking kapalaran at tumataya ng $10 sa isang kabayo sa Melbourne Cup.*

boluntaryo
isang tao na nagbibigay ng kaniyang panahon sa kapwa o sa isang organisasyon na hindi umaasang babayaran
*Si Raza ay isang boluntaryo na nagtuturo ng Ingles sa mga tao sa kanilang tahahan.*

# Pagsasanay sa mga tanong sa iksamen



## Ang Australia at kaniyang mamamayan

1. Ano ang ating inaalaala sa Araw ng Anzac?
   a. Ang paglapag ng mga Pangkat ng Hukbo ng Australia at New Zealand at Gallipoli, Turkey
   b. Ang pagdating ng unang maninirahang hindi bilanggo galing sa Dakilang Britanya
   c. Ang pagdaong ng Unang Plota sa Sydney Cove

2. Ano ang mga kulay ng Bandila ng mga Katutubong Australiano?
   a. Itim, pula at dilaw
   b. Luntian, puti at itim
   c. Bughaw, puti at luntian

3. Anong opisyal na simbolo ang nagpapakilala sa propyedad ng Komonwelt?
   a. Ang pambansang awit
   b. Ang pambansang bulaklak ng Australia
   c. Ang eskudo ng Komonwelt



## Mga demokratikong paniniwala, karapatan at kalayaan ng Australia

4. Ano sa mga pahayag na ito tungkol sa Pamahalaan ng Australia ang wasto?
   a. Ang Reyna ng Australia ang pumipili ng mga taong bubuo ng Parlamento ng Australia
   b. Ang pamahalaan ay inihalal ng mga tao
   c. Ang Punong Ministro ang pumipili ng ating mga Miyembro ng Parlamento

5. Alin sa mga ito ang halimbawa ng kalayaang magsalita?
   a. Ang mga tao ay maaaring magprotesta nang mapayapa laban sa mga desisyon ng pamahalaan
   b. Ang mga lalaki at babae ay tinatratong pantay-pantay sa hukuman ng batas
   c. Ang mga Australiano ay malayang hindi sumunod sa isang relihiyon

6. Alin sa mga pahayag na ito tungkol sa pamahalaan ng Australia ang wasto?
   a. hindi pinahihintulutan ng pamahalaan ang ilang mga relihiyon
   b. Ang pamahalaan ng Australia ay sekular
   c. Ang mga batas pangrelihiyon ay inaaprubahan ng parlamento

7. Alin sa mga ito ang halimbawa ng pagkakapantay-pantay sa Australia?
   a. Ang bawat isa ay sumusunod sa parehong relihiyon
   b. Ang mga lalaki at babae ay may parehong mga karapatan
   c. Ang bawat isa ay kasapi ng parehong partidong pampulitika

8. Alin sa mga ito ang responsibilidad ng mga mamamayang Australiano na may edad 18 na taon o mas higit pa?
   a. Ang dumalo sa mga pulong ng konseho
   b. Ang bumoto sa eleksiyon
   c. Magkaroon ng pangkasalukuyang pasaporteng Australiano

9. Alin sa mga ito ang responsibilidad ng mga mamamayang Australiano na may edad na 18 na taon o mas higit pa?
   a. Gumawa ng serbisyong pangkomunidad
   b. Magdala ng kanilang pasaporte sa lahat ng oras
   c. Magsilbi sa isang panghukumang lupong tagahatol kapag naatasan

10. Alin sa mga pahayag na ito tungkol sa pasaporte ang wasto?
    a. Maaaring mag-aplay ng pasaporteng Australiano ang mga mamamayang Australiano
    b. Ang mga residenteng permanente ay maaaring magkaroon ng pasaporteng Australiano
    c. Kailangan ng mga mamamayang Australiano ang pasaporte kapag bumalik sa Australia



# Ang pamahalaan at batas ng Australia

11. Alin sa mga pahayag na ito tungkol sa pagboto sa mga eleksiyon sa Australia ang wasto?
    a. Ang mga tao ay malaya at ligtas na bumoto sa sinumang kandidato
    b. Ang pagboto ay sa pamamagitan ng pagtaas ng mga kamay
    c. Kailangan isulat ng mga tao ang kanilang pangalan sa kanilang boto

12. Ano ang nangyari sa Australia noong ika-1 ng Enero 1901?
    a. Ang Konstitusyon ng Australia ay binago sa isang reperendum
    b. Ang Konstitusyon ng Australia ay nagka-epekto
    c. Ang mga Pangkat ng Hukbo ng Australia at New Zealand ay binuo

13. Ano ang pangalan ng legal na dokumento na nagtatakda ng mga patakaran para sa pamahalaan ng Australia?
    a. Ang Pederasyon ng Australia
    b. Ang Komonwelt ng Australia
    c. Ang Konstitusyon ng Australia

14. Ano ang isang reperendum?
    a. Isang boto upang baguhin ang pamahalaan
    b. Isang boto upang baguhin ang Konstitusyon ng Australia
    c. Isang boto upang baguhin ang Punong Ministro

15. Anong sangay ng pamahalaan ang may kapangyarihang mag-interprete at maglapat ng mga batas?
    a. Pambatas
    b. Pampamahalaan
    c. Panghustisya

16. Alin sa mga ito ang tungkulin ng Gobernador-Heneral?
    a. Ang paghirang ng premyer ng mga estado
    b. Ang paglagda sa mga panukalang batas na inaprubahan ng Parlamento ng Australia
    c. Ang paghirang ng Pinuno ng Estado

17. Alin sa mga pahayag na ito tungkol sa mga pamahalaan ng estado ang wasto?
    a. Lahat ng estado ay may kaparehong konstitusyon
    b. Bawat estado ay may sariling konstitusyon
    c. Ang mga estado ay walang konstitusyon

18. Ano ang pangalang ibinigay sa partido o koalisyon ng mga partido na may pangalawang pinakamaraming bilang ng mga miyembro sa Kapulungan ng mga Kinatawan ?
    a. Ang pamahalaan
    b. Ang Oposisyon
    c. Ang Senado

19. Ano ang pangalan ng isang panukalang gumawa ng batas sa parlamento?
    a. Ang Pagsang-ayon ng Reyna o Hari
    b. Panukalang Batas
    c. Debate

20. Sino ang nagpapanatili ng kapayaan at kaayusan sa Australia?
    a. Mga nagsisilbi sa publiko
    b. Pulisya
    c. Mga abogado

Kasagutan:
1a, 2a, 3c, 4b, 5a, 6b, 7b, 8b, 9c, 10a, 11a, 12b, 13c, 14b, 15c, 16b, 17b, 18b, 19b, 20b

Katapusan ng seksyong iniiksamen